# integridad



BCO
BUSINESS CONDUCT OFFICE

# Code ng Asal sa Negosyo ng Monsanto

MONSANTO



# Isang Mensahe mula sa Ating Chairman at CEO, si Hugh Grant

Minamahal na Mga Kasamahan sa Trabaho sa Monsanto,




Sa Monsanto, ang ating adhikain na gumawa nang higit pa, magtipid nang higit pa at pagbutihin ang mga buhay sa buong mundo ay ang pangunahin sa lahat ng bagay na ating ginagawa. Ang ating pagsisikap na maisakatuparan ang adhikaing ito ay nangangailangan ng matatag na pagtuon sa integridad sa lahat ng ating pagpapatakbo sa negosyo. Ang Code ng Asal sa Negosyo ng Monsanto ay isang mahalagang tool upang tulungan tayo sa mga pagsisikap na ito at sinulit natin ang pagkakataong ito upang sariwain ang ating Code upang tugunan nang mas masusi at ganap ang maraming sitwasyon na hinaharap ng ating mga empleyado sa kanilang pang-araw-araw na negosyo.

May direktang epekto ang ating mga pasya sa negosyo sa ating mga customer, kasosyo sa negosyo, shareowner at sa mga komunidad kung saan tayo nakatira at nagtatrabaho. Nangangahulugan iyon na kailangan nating palaging isagawa kung ano ang tama, kahit na nahaharap tayo sa mga sitwasyong hindi pinapamahalaan ng tukoy na mga batas o regulasyon. Binuo ang ating Code upang tulungan tayo sa pagsasagawa ng tamang pagpili sa pamamagitan ng pagbibigay ng malilinaw na tagubilin para sa naaangkop na asal sa negosyo.

Kasinglakas lang ng ating Code ang ating pagtuon na sundin ito. Hinihikayat ko kayo na maglaan ng panahon upang ganap na maunawaan ang ating Code at gamitin ito upang gabayan ang inyong trabaho, at upang ipaalam ang anumang mga isyu o alalahanin tungkol sa Code o pinaghihinalaang mga paglabag dito. Pananagutan ng bawat isa sa atin na kumilos nang may integridad habang nagtutulungan tayong makamit ang ating adhikain at suportahan ang mga magsasaka sa buong mundo.


Salamat sa inyong pagtuon sa ating integridad, sa ating kumpanya at sa ating mga customer.

Taos-puso,



Hugh Grant

Chairman at CEO ng Kumpanya ng Monsanto



# Talaan ng Mga Nilalaman


**ISANG MENSAHE MULA SA ATING CHAIRMAN AT CEO, SI HUGH GRANT** ..... i

**ATING PANGAKO** ..... iii

**ATING ADHIKAIN PARA SA NAPAPANATILING AGRIKULTURA** ..... iv

**PANIMULA** ..... 1

Tungkol sa Ating Code ..... 1

Saklaw ng Ating Code ..... 1

Ating Mga Pananagutan sa Ilalim ng Code ..... 2

Pag-uulat at Hindi Pagganti ..... 2

Mga Pagsisiyasat ..... 3

Mga Kahihinatnan ng Maling Asal ..... 3

**ATING PAGTUON SA MGA TAO** ..... 4

Mapagkaisang Lugar na Pagtatrabahuhan ..... 4

Isang Ligtas, Nakakabuti sa Kalusugan at Secure na Lugar na Pagtatrabahuhan ..... 4

- Mga Droga at Alcohol ..... 5
- Karahasan sa Lugar na Pagtatrabahuhan ..... 5

Paggalang para sa Mga Karapatang Pantao ..... 6

Privacy ng Personal na Impormasyon ..... 6

**ATING PAGTUON SA ATING MGA KASOSYO, CUSTOMER AT SUPPLIER** ..... 7

Pangangasiwa sa Produkto ..... 7

- Pananaliksik Hinggil sa Agham ..... 7
- Integridad at Kalidad ng Produkto ..... 8
- Pagsunod sa Pagkontrol ..... 8

Mga Patas na Gawain sa Marketing ..... 8

Pagsunod sa Mga Batas sa Kumpetisyon ..... 9

- Kumpidensyal na Impormasyon ng Monsanto at ng Iba Pang Mga Kumpanya ..... 9
- Mga Samahan sa Kalakalan ..... 10

Paggalang para sa Privacy ng Kumpidensyal na Impormasyon ..... 10

Mga Ugnayan ng Vendor at Customer ..... 10

**ATING PAGTUON SA ATING KUMPANYA AT MGA SHAREOWNER** ..... 11

Iwasan ang Hindi Pagkakatugma ng Interes ..... 11

- Mga Regalo at Entertainment hinggil sa Negosyo ..... 11
- Mga Pagkakataong Pangkumpanya ..... 11
- Panlabas na Trabaho ..... 12
- Pakikipagnegosyo sa Pamilya at Mga Kaibigan ..... 12
- Mga Interes sa Pananalapi ..... 12

Protektahan ang Mga Pag-aari at Impormasyon ng Kumpanya ..... 12

- Kumpidensyal at Pribadong Impormasyon ..... 13
- Intelektwal na Ari-arian ..... 13

Gamitin nang Wasto ang Mga Teknolohiya ng Kumpanya ..... 14

- Paggamit ng Social Media ..... 15
- Seguridad ng Impormasyon ..... 15

Magpanatili ng Tapat na Mga Talaan sa Pananalapi ..... 16

- Pagpapanatili ng Mga Talaan ..... 16

Tumpak na Mga Panlabas na Pakikipag-ugnay ..... 16

Walang Pakikipagkalakal o Pagbibigay ng Tip sa Kasapi ..... 17

**ATING PAGTUON SA ATING MUNDO** ..... 18

Proteksyon sa Kapaligiran ..... 18

Walang Panunuhol o Mga Gawain ng Katiwalian ..... 18

- Mga Pagbabayad hinggil sa Kalusugan at Kaligtasan ..... 19
- Mga Etikal na Transaksyon ng Pera ..... 19

Pagsunod sa Mga Batas sa International na Kalakalan ..... 20

- Mga Batas na Laban sa Boycott ..... 20
- Mga Parusa na hinggil sa Ekonomiya at Pinagbabawalang Partido ..... 20

Mga Naaangkop na Kontribusyong hinggil sa Pulitika at Charity ..... 21

**MGA WAIVER** ..... 22



# Ating Pangako

Ang Pangako ng Monsanto ay ang ating pagtuon sa kung paano tayo nagnenegosyo. Isa itong pahayag na humihimok sa atin na makinig nang higit pa, isaalang-alang ang ating mga pagkilos at epekto ng mga ito nang malawakan, at mamuno nang responsable. Tumutulong ito sa atin na gawing mga pagkilos ang mga pagpapahalaga, at linawin kung sino tayo at ano ang itinataguyod natin.

## INTEGRIDAD

Ang integridad ay ang batayan para sa lahat ng ating ginagawa. Kabilang sa integridad ang katapatan, kagandahang-asal, katatagan, at lakas ng loob. Sa pagbuo sa mga pagpapahalagang iyon, nakatuon tayo sa:

### Pagpapalitan ng Kuru-kuro

Makikinig tayo nang mabuti sa iba't ibang mga pananaw at makikipagpalitan ng mapagsaalang-alang na kuru-kuro. Papalawakin natin ang ating pag-unawa sa mga isyu upang matugunan nang mas mabuti ang mga pangangailangan at alalahanin ng lipunan at ng bawat isa.

### Pagiging Transparent

Titiyakin natin na available, naa-access, at nauunawaan ang impormasyon.

### Pagbabahagi

Magbabahagi tayo ng kaalaman at teknolohiya upang mas mapahusay ang pag-unawa hinggil sa agham, upang mapabuti ang agrikultura at ang kapaligiran, upang mapabuti ang mga pananim, at upang tulungan ang mga magsasaka sa mga papaunlad na bansa.

### Mga Pakinabang

Gagamit tayo ng agham na matatag at nauukol sa pagbabago at maalalahanin at mabisang pamamahala upang maghatid ng mga produktong may mataas na kalidad na kapaki-pakinabang sa ating mga customer at sa kapaligiran.

### Paggalang

Igagalang natin ang pangrelihiyon, pangkultura, at pang-etnikong mga alalahanin ng mga tao sa buong mundo. Pinakapriyoridad natin ang kaligtasan ng ating mga empleyado, komunidad kung saan tayo nagpapatakbo, ating mga customer, consumer, at kapaligiran.

### Kumilos bilang Mga May-ari upang Magtamo ng Mga Resulta

Lilinawin natin ang direksyon, mga tungkulin, at pananagutan; bubuo ng matatag na mga ugnayan sa ating mga customer at panlabas na kasosyo; gagawa ng mahusay na mga pasya; pangangasiwaan ang mga mapagkukunan ng ating kumpanya; at gagampanan natin ang pananagutan para sa pagtamo ng mga resultang napagkasunduan.

### Lumikha ng Mahusay na Lugar na Pagtatrabahuhan

Papangalagaan natin ang pagkakaiba ng mga tao at pag-iisip; magtataguyod ng pagbabago, pagkamalikhain at kaalaman; magsusulong ng pagtutulungan ng lahat; at pararangalan at kikilalanin ang ating mga tauhan.



## Ating Adhikain para sa Napapanatiling Agrikultura

### PAGGAWA NANG HIGIT PA

Nakatuon tayo sa pagpapadami ng mga produkto upang tugunan ang lumalaking pangangailangan para sa pagkain, fiber at fuel.

### PAGTITIPID NANG HIGIT PA

Nakatuon tayo sa pagbabawas ng dami ng lupa, tubig at enerhiyang kinakailangan upang palakihin ang ating mga pananim.

### PAGPAPABUTI SA MGA BUHAY

Nakatuon tayo sa pagpapabuti sa mga buhay sa buong mundo.

Napapanatiling agrikultura ito at ito ang ginagawa natin.





# Panimula

## TUNGKOL SA ATING CODE

Sa Monsanto, pinapahalagahan natin ang pagsasagawa ng mga bagay sa tamang paraan—nang lantaran, tapat at may higit na paggalang at integridad. Ngunit hindi magagabayan ng ating mga pagpapahalaga lang ang lahat ng ating pagkilos. Umiiral ang ating Code—kasama ng ating mga patakaran, pamamaraan at ng batas—upang tulungan tayo.

Ipinapaliwanag ng ating Code ang mga pag-uugaling inaasahan sa atin habang nagtatrabaho para sa Monsanto, at pinapalakas ang ating pare-parehong mga pagpapahalaga sa pamamagitan ng mga praktikal na halimbawa. Tinuturuan tayo nito kung paano matamo ang ating mga layunin sa negosyo nang may integridad—hindi lang dahil dapat nating gawin ito. Nakabatay ito sa mga batas, regulasyon, panuntunan at patakaran na kailangan nating malaman kapag isinasagawa ang ating mga trabaho, at idinidirekta tayo sa naaangkop na mga mapagkukunan kapag kailangan natin ng higit pang impormasyon.

Ang pinakamahalaga, tinutulungan tayo ng ating Code na panatilihin ang tiwala na binuo natin sa ating mga stakeholder:mga customer, kasosyo sa negosyo, shareowner, komunidad, ating Kumpanya at ng bawat isa. Pinapalakas ng ating Code ang ating posisyon sa naturang mga paksa gaya ng ating Pangako, mga karapatang pantao, pagiging napapanatili at pagnenegosyo sa tamang paraan.

Pakibasa nang mabuti ang Code na ito, nang binibigyang-pansin ang mga seksyong higit na nalalapat sa inyong trabaho. Sa kabuuan ng Code, nakalista ang mga karagdagang mapagkukunan at available upang sagutin ang mga tanong, tugunan ang mga alalahanin at tiyaking mahusay na naunawaan at pinangasiwaan ang mga isyu. Maaari rin kayong makahanap ng may-katuturang mga patakaran sa intranet ng Monsanto.

## SAKLAW NG ATING CODE

Hindi lumilikha ang ating Code ng magkakahiwalay na pamantayan para sa iba't ibang mga pangkat. Nalalapat ito nang pantay-pantay sa lahat ng empleyado, opisyal at direktor ng Monsanto, gayundin sa lahat ng ating subsidiary sa buong mundo. Higit pa rito, umaasa tayo na magtataguyod ng kaparehong mga pamantayan ang lahat ng ating supplier, kasangguni, ahente, sales representative, tagapamahagi at nakapag-iisang kontraktor. Naghahangad lang tayong makipagnegosyo sa mga third party na may reputasyon para sa integridad. Ang ibig sabihin, ang sinumang kinakatawan ang pangalan ng Monsanto o nagtatrabaho sa ngalan ng ating Kumpanya ay inaasahang kumilos nang naaayon sa ating Code. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa saklaw ng Code na ito, o hindi nakakatiyak kung paano nalalapat sa inyo ang isang partikular na seksyon ng Code na ito, makipag-usap sa inyong tagapamahala, Tanggapan para sa Asal sa Negosyo o isa pang mapagkukunan na nakalista sa mga pahinang ito.




## ATING MGA PANANAGUTAN SA ILALIM NG CODE

Lahat tayo na nagtatrabaho sa o sa ngalan ng Monsanto ay may pananagutan na kumilos nang may integridad. Hindi lang sa ilang partikular na sitwasyon, o kapag may taong nakatingin—dapat na naaayon sa batas at etika ang bawat pagkilos na ating ginagawa. Mayroon tayong pananagutan na sumunod sa mga naaangkop na batas sa mga lokasyon kung saan tayo nagtatrabaho. Inaasahan rin sa atin na gawing pamilyar ang ating mga sarili sa mga naaangkop na patakaran na nalalapat sa ating mga trabaho at humingi ng patnubay kapag hindi nakakatiyak tungkol sa naaangkop na paraan ng pagkilos o pagpapasyang naaayon sa etika.

Bilang mga pinuno sa loob ng ating Kumpanya, may ilang karagdagang pananagutan ang mga tagapamahala ng Monsanto. Kung may katungkulan kayo sa pamamahala sa loob ng Monsanto, inaasahan sa inyo na:

- Magtakda ng halimbawa ng wastong asal sa negosyo
- Itaguyod ang mga pagpapahalaga ng Monsanto bilang bahagi ng inyong mga regular na pakikipag-ugnayan sa mga empleyado
- Lumikha at magpanatili ng kapaligiran para sa trabaho kung saan nauunawaan ng mga empleyado kung ano ang inaasahan sa kanila at maging komportable sa pagbabahagi ng mga alalahanin o pag-uulat ng maling asal
- Isaalang-alang ang mga pagbubunyag ng mga hindi pagkakatugma ng interes ng empleyado at gumawa ng mga pasya na nakakabuti sa Monsanto
- Ipasa ang mga ulat ng mga paglabag sa Code sa Tanggapan para sa Asal sa Negosyo (Business Conduct Office o BCO)
- Huwag kailanman magsagawa o magpahintulot ng anumang pagkilos ng pagganti laban sa isang tao dahil sa pagsasagawa ng ulat nang may mabuting paniniwala

## PAG-UULAT AT HINDI PAGGANTI

Sa kabila ng ating mga posisyon sa Monsanto, may pananagutan tayong *lahat* na iulat ang aktwal o pinaghihinalaang maling asal. Sa seksyong ito, natututo tayo tungkol sa iba't ibang mga paraan kung saan maaari tayong humingi ng patnubay o gumawa ng mga ulat, gayundin ang halaga ng pag-uulat ng maling asal sa ating mga pagpapatakbo.

Bagama't inaasahan sa ating lahat na sumunod sa ating Code, mga patakaran at pamamaraan ng Kumpanya, at mga naaangkop na batas at regulasyon, nangyayari pa rin ang mga kamalian. Mahalaga para sa atin na ipaalam kapag nakakasaksi tayo ng potensyal na hindi etikal o ilegal na pagkilos at bigyang-daan ang ating Kumpanya na itama ang isyu. Ang pag-uulat ng mga paglabag ng iba pa ay hindi nagbibigay sa atin ng awtomatikong imunidad mula sa ating sariling mga kamalian. Gayunpaman, ginagawa nitong mas mainam na lugar na pagtatrabahuhan ang Monsanto, at *palaging* isang mas mainam na kahalili kaysa sa wala talagang sasabihin.

Kung mayroon kayong tanong tungkol sa ating Code, nangangailangan ng payo sa legal o etikal na isyu o gustong mag-ulat ng aktwal o pinaghihinalaang maling asal, available sa inyo ang sumusunod na mga mapagkukunan:


- Inyong Pinuno ng Mga Tauhan
- Tagapamahala ng Inyong Pinuno ng Mga Tauhan
- Inyong Generalist ng Mga Mapagkukunang Pantao (Human Resources)
- Ang Departamento ng Batas
- Ang Tanggapan para sa Asal sa Negosyo

Ang anumang mga pagkilos hinggil sa krimen, katiwalian, panloloko o maling pagpapahayag sa materyal ng ating kundisyon sa pananalapi ay dapat na iulat o ipasa sa ating Tanggapan para sa Asal sa Negosyo, kung saan maaaring makipag-ugnay sa pamamagitan ng alinman sa sumusunod na mga paraan:

- Tanggapan para sa Asal sa Negosyo
  - Linya para sa Alerto ng Monsanto: 877-781-2431
  - Telepono ng Tanggapan: 800-886-0782
  - Email: business.conduct@monsanto.com
  - Mail: P.O. Box 21526 / St. Louis, MO 63132, USA
  - Link sa Mga International na Linya ng Telepono ng BCO: Mga International na linya ng BCO
  - Mga link sa mga site ng Pagsumite sa Web: US lang at lahat ng iba pang bansa

Nauunawaan ng Monsanto na ang pag-uulat ng aktwal o pinaghihinalaang maling asal ay hindi palaging madali. Gayunpaman, nagpapanatili ang ating Kumpanya ng matatag na pagtuon sa hindi pagganti, na nangangahulugan na malaya tayong gumawa ng mga ulat na may mabuting paniniwala nang walang takot na negatibong maaapektuhan ang ating trabaho. Ang paggawa ng ulat na may "mabuting paniniwala" ay nangangahulugan lang na ibinigay ninyo ang lahat ng impormasyong mayroon kayo, at naniniwalang totoo ito. Ang sinumang natukoy na gumanti laban sa isa pang tao dahil sa paggawa ng ulat na may mabuting paniniwala ay sasailalim sa pangdisiplinang pagkilos—hanggang sa at kabilang ang pag-aalis sa trabaho.

Kung pinapahintulutan ng mga lokal na batas, maaari kayong gumawa ng ulat nang hindi nagpapakilala, at hindi gagawa ng mga hakbang ang Monsanto upang ilantad ang inyong pagkakakilanlan. Pinapangasiwaan nang seryoso ang mga hindi kilalang ulat at masusing sinisiyasat hangga't maaari. Mas mahihirapan ang Monsanto na ganap na siyasatin ang isang isyu dahil sa mga hindi kilalang ulat. Samakatuwid, mahalaga sa isang masusing pagsisiyasat ang kumpleto at nakadetalyeng pag-uulat ng lahat ng pangyayari, kahit na malamang na walang katuturan. Kung pipiliin ninyong ibahagi ang inyong pagkakakilanlan, ngunit nais na panatilihing kumpidensyal ang inyong





pagkakakilanlan, igagalang ng Monsanto ang inyong kahilingan sa saklaw na pinapahintulutan ng batas o kung pinapayagan ng proseso ng pagsisiyasat. Ang anumang personal na data na nauugnay sa isang ulat at/o isang pagsisiyasat ay ipoproseso, papanatilihin at ililipat sa minimum na saklaw na kinakailangan upang siyasatin ang reklamo alinsunod sa mga naaangkop na batas, kabilang ang mga batas sa privacy. Ipapaalam sa inyo sa tuwing may ihahain na reklamo na nagpapatungkol sa kamalian o hindi angkop na asal sa inyo, maliban kung ilalagay sapanganib ng pagsasagawa nito ang pagsisiyasat.

## MGA PAGSISIYASAT


Sumusuri at kumikilos ang ating Tanggapan para sa Asal sa Negosyo sa lahat ng ulat ng ipinaparatang na maling asal. Nangangahulugan ito na ang anumang ulat na inyong ginagawa ay papangasiwaan nang seryoso at matatanggap ang naaangkop na tagal ng panahon at pansin. Depende sa sitwasyon, maaaring hilingin sa inyong magbigay ng karagdagang impormasyon. Sa kaso ng hindi kilalang ulat, makokolekta ang impormasyon nang hindi nangangailangan ng personal na pagkakakilanlan. Iginagalang ng Monsanto ang privacy ng bawat indibidwal at pinapangasiwaan ang mga ulat nang kumpidensyal, nang naaayon sa pangangailangan na magsagawa ng masusing pagsisiyasat at sumunod sa lokal na batas.

**T:** Naghihinala si Juan na sinusuhulan ng isa sa kanyang mga kasamahan sa trabaho ang isang opisyal ng pamahalaan. Mayroon siyang katibayan upang suportahan ang kanyang mga pahayag, ngunit nag-aalala na kung magbabahagi siya nang masyadong maraming detalye, malalaman ng kanyang katrabaho na gumawa siya ng ulat. Nagpasya siyang makipag-ugnay sa Tanggapan para sa Asal sa Negosyo nang hindi nagpapakilala at iniuulat ang kanyang mga hinala, na nagpaparatang na ang kanyang kasamahan sa trabaho ay maaaring kasangkot sa mga gawaing hinggil sa katiwalian. Ipinagpalagay niya na magagawa ng Monsanto na magsiyasat nang higit pa batay sa impormasyong ito. Gumawa ba si Juan ng ulat na may mabuting kalidad?

**S:** Hindi. Bagama't tama ang ginawa ni Juan sa pamamagitan ng pagsasalita patungkol sa pinaghihinalaang etikal na maling asal, hindi siya nagbigay ng sapat na impormasyon upang makapaglunsad ang Monsanto ng mabisang pagsisiyasat. Dahil may katibayan si Juan upang suportahan ang kanyang mga paratang laban sa kanyang kasamahan sa trabaho, mahalagang ibahagi niya ang katibayang iyon sa Tanggapan para sa Asal sa Negosyo. Maaari pa niyang panatilihing hindi siya nakikilala sa pagsasagawa nito dahil may mga paraan ang Monsanto para sa pakikipag-ugnay sa atin habang pinapanatiling hindi tayo nakikilala, kung saan pinapahintulutan ng mga lokal na batas.

## MGA KAHIHINATNAN NG MALING ASAL

Binibigyan tayong lahat ng mga tool na ating kinakailangan upang isagawa ang tamang bagay. Kapag may nangyaring maling asal, maaaring malala ang mga kahihinatnan. Ang mga paglabag sa ating Code, patakaran ng Kumpanya o batas ay maaaring tugunan sa pamamagitan ng pangdisiplinang pagkilos—hanggang sa at kabilang ang pag-aalis sa trabaho. Kabilang din sa maling asal ang anumang mga hindi totoong paratang, sa kabila ng kung isinasagawa ang mga ito nang hindi nagpapakilala. Maaaring isailalim ng legal at etikal na maling asal ang mga indbidwal na kasangkot at Monsanto sa mga multa, parusa at pag-uusig na sibil o hinggil sa krimen.



# Ating Pagtuon sa Mga Tao

## MAPAGKAISANG LUGAR NA PAGTATRABAHUHAN

Kung paano natin pinakikitunguhan ang isa't isa ay may mahalagang epekto sa kung ano ang tingin sa atin ng iba pa. Bilang isang Kumpanya, nananatili tayong nakatuon sa pagkakaiba, sa pag-unawa na ang isang hanay ng mga background at karanasan ay nagdaragdag ng halaga sa trabahong ating ginagawa. Bilang mga indibidwal, dapat nating pakitunguhan nang pantay-pantay ang isa't isa, nang iginagalang ang mga natatanging talento at ideya na ibinibigay ng bawat empleyado sa Monsanto. Ang pagtuon natin sa mga tao ang nagpapatibay sa ating reputasyon at patuloy na tagumpay.


Nangangahulugan ang pagtataguyod ng pagtuong ito na gumagawa tayo ng mga pasyang kaugnay sa trabaho batay sa merit. Ipinagbabawal ng patakaran ng Monsanto ang diskriminasyon dahil sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, edad, bansang pinagmulan, kapansanan, pagiging beterano, piniling kasarian, pagpapahayag ng kasarian, sekswal na oryentasyon, tunay man o inaakala lang, ayon sa ipinapakita ng pagkakakilanlan, mga aksyon, mga pahayag o mga ugnayan. Magsasagawa tayo ng pagsisikap na may mabuting paniniwala upang magbigay ng makatuwirang mga paglalaan sa mga taong may mga kapansanan.

Ipinagbabawal din ng Monsanto ang anumang uri ng panggigipit. Binubuo ang panggigipit ng lahat ng uri ng hindi kanais-nais, nakakapanakit, nanghahamak o nananakot na pag-uugali sa isa pang tao. Ang panggigipit ay maaaring verbal, pisikal, electronic o visual, at maaaring sekswal o hindi sekswal ang katangian. Ang kalayaan mula sa ilegal na pangigipit ay isang karapatan na ganap na sinusuportahan at iginagalang ng Monsanto.

## ISANG LIGTAS, NAKAKABUTI SA KALUSUGAN AT SECURE NA LUGAR NA PAGTATRABAHUHAN

Sa Monsanto, pananagutan ng lahat ang kaligtasan at seguridad. Nakatuon tayong magtaguyod ng kapaligiran para sa trabaho na walang mga panganib sa kaligtasan at nagsusulong ng kalusugan at kaligtasan ng lahat ng empleyado, bisita at customer, gayundin ang mga komunidad kung saan tayo nagtatrabaho. Upang matiyak ang ating sariling kalusugan at kaligtasan, gayundin sa ating mga kasamahan sa trabaho at komunidad, dapat na hindi lang tayo sumunod sa mga proseso at pamamaraan na itinakda ng ating Kumpanya, ngunit pati na rin sa mga batas at regulasyon na nalalapat sa ating trabaho. Kung may alam kayong anumang hindi ligtas na gawain o mapanganib na kundisyon, o anumang mga pagkilos o pag-uugali na nakakaantala o makakaantala sa inyong kaligtasan o sa kaligtasan ng iba pa, may pananagutan kayong iulat agad ang sitwasyon. Para sa impormasyon tungkol sa ating iba't ibang mga kinakailangan at pamamaraan sa kaligtasan at seguridad, pakitingnan ang kaugnay na mga patakaran sa Manual ng ESH ng Monsanto o sa website ng Pandaigdigang Seguridad.





### Mga Droga at Alcohol

Ang paggawa sa Monsanto na isang mainam na lugar na pagtatrabahuhan ay nangangahulugang gagawin itong isang ligtas na lugar na pagtatrabahuhan. Nililimitahan ng pag-aabuso sa droga at alcohol ang ating kakayahan na isagawa ang ating trabaho nang ligtas, na inilalagay sa panganib ang bawat isa sa atin. Dahil dito, dapat na hindi tayo kailanman magtatrabaho habang nasa ilalim ng impluwensiya ng alcohol, mga ilegal na droga, o mga inireresetang gamot na maaaring makaabawas sa ating kakayahan na isagawa ang ating mga tungkulin sa trabaho o lumikha ng hindi ligtas na kapaligiran para sa trabaho. Gumagawa ang Monsanto ng mga limitadong pagbubukod sa panuntunang ito, gaya ng kapag iniaalok ang alcohol sa panahon ng pinapahintulutang kaganapan sa Kumpanya. Kahit na sa mga pangyayaring ito, inaasahan sa atin na magsagawa ng katimpihan at mahusay na pasya.

### Karahasan sa Lugar na Pagtatrabahuhan

Negatibong nakakaapekto ang mga pagkilos at banta ng karahasan sa pangkalahatang seguridad, kaligtasan at kabutihan sa kalusugan ng ating lugar na pagtatrabahuhan–tulad ng parehong pag-aabuso sa droga o anumang iba pang mapanganib na gawain. Samakatuwid, ang anumang marahas o pisikal na agresibong pagkilos, kahit na nilalayon bilang isang biro, ay mahigpit na ipinagbabawal sa Monsanto. Kung kayo o isang taong kilala ninyo ay nakatanggap ng banta ng karahasan o naging biktima ng pagkilos ng karahasan, may pananagutan kayong iulat agad ang sitwasyon. Kung kayo, inyong mga kasamahan sa trabaho o sinumang iba pang mga indibidwal na nakikipagnegosyo sa Monsanto ay nasa dagliang panganib, makipag-ugnay sa mga lokal na kinauukulan at pagkatapos ay sa Pandaigdigang Seguridad. Bilang panghuli, mag-follow up sa inyong tagapamahala o isa pang mapagkukunan na nakalista sa Code na ito.



**T:** Naniniwala si Maria na ang isa sa kanyang mga kasamahan sa trabaho ay kasangkot sa isang marahas na domestikong ugnayan. Hindi niya nais na manghimasok, ngunit nag-aalala siya tungkol sa kaligtasan ng kanyang kasamahan sa trabaho. Ano ang dapat gawin ni Maria?

**S:** Dapat ipaalam ni Maria ang tungkol sa pinaghihinalaang pang-aabuso. Hindi pangkaraniwan para sa nang-aabuso na hanapin ang inaabusong kabiyak sa trabaho, na ilalagay sa panganib hindi lang ang biktima, ngunit posibleng gayundin ang mga kasamahan sa trabaho. Iulat agad ang anumang senyales ng domestikong karahasan sa pangasiwaan at Pandaigdigang Seguridad. Maaaring kabilang sa ilang tagasaad ang:

- Kaalaman sa isang umiiral nang kautusan sa paghihigpit
- Isang hindi pangkaraniwang bilang ng mga tawag sa telepono o email mula sa kasalukuyan o dating kabiyak, at nag-aalangang makipag-usap o tumugon sa mga mensahe sa telepono
- Mga pinsala gaya ng mga pasa, pasa sa gilid ng mata o baling buto–lalo na kung sinusubukan ng biktima na itago ang mga ito o nagsasabi ng mga hindi nakakakumbinseng paliwanag para sa kung paano nangyari ang mga ito
- Mga senyales ng pagkabagabag, gaya ng hindi pangkaraniwang pagiging tahimik o lumalayo sa iba pa

**T:** Nakasaksi si Ines ng aksidente sa planta na napinsala ang ilan sa kanyang mga kasamahan sa trabaho. Hindi malala ang mga pinsala at ginamot gamit ang mga supply ng paunang lunas sa loob ng site, ngunit sa palagay ni Ines na dapat na maghanap ng wastong medikal na panggagamot ang mga indibidwal na ito. Tumanggi ang tagapamahala ni Ines na isadokumento ang insidente, at sinabihan siya na maaaring magkaroon ng malalang mga kahihinatnan ang site para sa pag-uulat ng mga pinsala. Hindi nais ni Ines na ilagay sa panganib ang kanyang trabaho dahil sa hindi malalang insidente, ngunit nararamdaman na ang pag-uulat ang tamang bagay na gagawin. Paano niya dapat pangasiwaan ang sitwasyong ito?

**S:** Tama si Ines–ang pag-uulat ang tamang bagay na gagawin. Dapat iulat ang mga hindi malalang pinsala upang pigilan ang posibilidad ng pag-uulit ng pangyayari, o upang pigilan na mangyari ang mas malalang mga pinsala. Nagtatakda ang ating Kumpanya ng tukoy na mga proseso upang matiyak ang ating kaligtasan, at ang tanging paraan upang mapabuti ang mga prosesong ito ay ang ipaalam kapag nagkaroon ng problema. Kung hindi gagawin ng tagapamahala ni Ines ang ulat, dapat makipag-ugnayan si Ines sa kanyang contact ng ES&H, o makipag-ugnayan sa Linya para sa Alerto ng Monsanto.





## PAGGALANG PARA SA MGA KARAPATANG PANTAO

Sa mahigit sa 20,000 direktang empleyado at produksyon ng buto na nagaganap sa mahigit sa 40 bansa, may pagkakataon ang Monsanto na gumawa ng positibong epekto sa mga buhay ng ating sariling mga manggagawa at makabuluhang bilang ng mga manggagawa sa ating mga aktibidad sa produksyon. Upang magabayan ang ating mga pagkilos tungkol sa bagay na ito, inilapat natin ang ating Patakaran sa Mga Karapatang Pantao noong 2006, at nagsimula ng programa upang pagbutihin ang mga buhay ng lahat ng ating empleyado at ng mga manggagawa sa ating supply chain ng produksyon ng buto, kung nasa ating pagmamay-aring mga pasilidad man sila o nagtatrabaho para sa isang third party. Kabilang sa Patakaran ang mga pagtuon sa pagtatrabaho ng mga bata, puwersahang pagtatrabaho, sahod, mga oras ng trabaho, panggigipit at karahasan, diskriminasyon, kalayaan sa samahan, kaligtasan hinggil sa trabaho at legal na pagsunod. Ang ating pamamaraan ay isang patuloy na pagpapabuti at aktibo tayong nakikipagtulungan sa ating mga kasosyo sa negosyo upang tugunan ang mga natatanging hamon na dulot ng pagganap ng manu-manong pang-agrikulturang trabaho, lalo na sa papaunlad na mga ekonomiya.

Alinsunod sa ating pagtuon upang protektahan, igalang at isulong ang mga karapatang pantao, inilapat ng Monsanto ang patakaran sa Mga Karapatang Pantao nito na ginagabayan ng parehong *Pandaigdigang Paghahayag ng Mga Karapatang Pantao* at *Mga Pangunahing Prinsipyo at Karapatan sa Trabaho* ng International na Samahan sa Trabaho. Para sa karagdagang impormasyon sumangguni sa Monsanto's Commitment to Human Rights (Pagtuon ng Monsanto sa Mga Karapatang Pantao) sa ating website.

**T:** Nagsasagawa si Rolando ng naaangkop na pagsisikap sa maraming tagapagsulong ng kontrata ng Monsanto upang tiyakin na pinakikitunguhan ang kanilang mga manggagawa nang patas at naaayon sa ating patakaran sa mga karapatang pantao. Maaaring bayaran ang mga pana-panahong manggagawa sa bawat oras at alam ni Rolando na dapat na bayaran ang lahat ng empleyado ng kontrata sa o sa itaas ng legal na minimum. Sinabi ng isa sa mga magsasaka kay Rolando na ang ilang manggagawa ay may mas kaunting karanasan kaysa sa iba pa, at hindi masyadong mahusay sa paggawa ng kanilang mga trabaho. Samakatuwid, hindi makatuwiran na bayaran ang mga indibidwal na iyon ng minimum na suweldo. Paano dapat tumugon si Rolando?

**S:** Dapat linawin ni Rolando sa magsasakang ito na hindi maaaring pagkasunduan ang paninindigan ng ating Kumpanya. Babayaran ang lahat ng manggagawa nang hindi bababa sa legal na minimum para sa lahat ng oras na nagtrabaho. Dapat pangasiwaan nang hiwalay ang mga isyu sa pagganap, at dapat na naaayon sa lokal na batas ang anumang mga paraang isinagawa. Kung alam ninyo o naghihinala na ang alinman sa ating mga kasosyo sa trabaho ay hindi tumutugon sa mga antas ng legal na sahod, ipaalam agad ang usapin sa inyong tagapamahala o isa pang mapagkukunan. Isasagawa ng Monsanto ang mga naaangkop na hakbang upang tiyaking hindi magpapatuloy ang isyu.

## PRIVACY NG PERSONAL NA IMPORMASYON

Bilang bahagi ng ating trabaho sa Monsanto, binibigyan natin ang ating Kumpanya ng kinakailangang personal na impormasyon tungkol sa ating mga sarili. Maaaring kabilang sa impormasyong ito ang ating kasaysayan ng trabaho, mga numero ng pagkakakilanlan na ibinigay ng pamahalaan, impormasyon sa pakikipag-ugnay, marital status, mga talaang hinggil sa krimen at medikal na kasaysayan, kasama sa iba pang mga bagay. Nakatuon ang ating Kumpanya sa pagprotekta sa ating impormasyon, na naaayon sa naaangkop na mga batas sa privacy ng data, kabilang ang mga panuntunang kaugnay sa pagkolekta, pagproseso, paggamit, paglipat at pagbubunyag ng personal na impormasyon.

Kung kabilang sa inyong mga pananagutan sa trabaho ang pagkolekta, pagbago, paglipat, pagproseso, pag-iimbak o paggamit ng personal na impormasyon ng empleyado, may tungkulin kayong sumunod sa naaangkop na mga batas sa privacy ng data at iba pang mga panloob na pagkontrol na pumoprotekta sa personal na impormasyong ito. Huwag kailanman ibahagi ang naturang impormasyon sa mga iyon na walang pinapahintulutang pangangailangang pangnegosyo na malaman ito. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa pagproteksyon sa personal na impormasyon, nais na i-access o baguhin ang inyong personal na impormasyon, o hindi nakakatiyak kung itinuturing ang data na personal na data, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong HR Generalist o sa Departamento ng Batas sa inyong rehiyon.



# Ating Pagtuon sa Ating Mga Kasosyo, Customer at Supplier

## PANGANGASIWA SA PRODUKTO

Ang pangangasiwa sa produkto ay ang pananagutan ng Monsanto na tasahin at suportahan ang ating mga produkto at teknolohiya. Ginagawa natin ito sa pamamagitan ng pagsusuri kung ligtas at hindi nakakasira sa kapaligiran ang mga produkto at teknolohiya na iyon. Ang isa pang pangunahing bahagi ng pangangasiwa sa produkto ay ang ating pananagutang ipaliwanag at isulong ang wasto at responsableng paggamit ng ating mga produkto at teknolohiya, lalo na kaugnay sa mga pamantayan at prinsipyo ng komunidad.

Kinikilala natin na ang integridad ng produkto at kalidad ng produkto ay mahalagang bahagi ng pangangasiwa sa produkto, at ganap na sineseryoso ito. Sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa kapaligiran at pagsusuri sa kaligtasan ng ating mga produkto at teknolohiya sa kabuuang ikot ng buhay ng produkto ng mga ito, maisusulong natin nang may kumpiyansa ang wasto at responsableng paggamit sa mga ito. Binabantayan ng Koponan ng Pamumuno sa Pangangasiwa sa Produkto ng Monsanto ang pagpapaunlad at ang pagpapatupad ng mga pagkukusa sa pangangasiwa at isang mapagkukunan para sa pagtulong sa atin na makamit ang ating mga layunin sa pangangasiwa. Ang pangangasiwa sa produkto ay isang pananagutang tinataglay ng lahat ng empleyado at inaasahan sa atin na suportahan ang mga pagkukusa sa pangangasiwa.


Website ng Pangangasiwa sa Produkto

### Pananaliksik Hinggil sa Agham

Sa Monsanto, alam natin at nauunawaan ang kahalagahan ng pagsasagawa ng etikal na pananaliksik hinggil sa agham. Nakasalalay ang karamihan ng ating tagumpay sa pagbuo ng tiwala sa iba't ibang mga pangkat at tao, at dedepende ang karamihan ng tiwalang iyon sa katumpakan at pagiging maaasahan ng data hinggil sa agham na ating ibinibigay.

Upang panatilihing etikal ang ating produkto sa pananaliksik, dapat isagawa ang naturang pananaliksik nang may:

- Inaaprubahang mga protocol at wastong pagkontrol
- Magkakasamang pagsusuri at pamamahala sa katiyakan sa kalidad, kung naaangkop
- Data na tumpak na itinala, nakokopya o maaaring buuin muli, at maayos na naisadokumento
- Application ng isang naaangkop na pagsusuri sa istatistika o data





### Integridad at Kalidad ng Produkto

Nakatuon ang Monsanto sa integridad ng mga produkto nito at patuloy na paghahatid ng mga produktong may pinakamataas na kalidad. Tinutupad natin ang pagtuon na ito sa pamamagitan ng pare-parehong mga proseso na patuloy na pinapabuti. Ang pagtuon sa kalidad ay isang karaniwang elemento na sumasaklaw sa ating samahan at nag-uugnay sa atin sa ating mga customer. Naghahatid tayo ng mga produkto na tumutugon sa lahat ng legal at kontraktwal na kinakailangan. Nakatuon tayo sa pagbabahagi ng mga pinakamainam na gawain at iba pang mga tool sa ating mga kasosyo at customer sa pagsisikap na magtiyak ng mahusay at hindi nagbabagong karanasan ng customer sa ating mga produkto. Isinasakatuparan ang integridad at kalidad ng produkto sa pamamagitan ng lahat ng ating pagsisikap sa pang-araw-araw na batayan.

### Pagsunod sa Pagkontrol

Isinasagawa natin ang ating pandaigdigang negosyo sa ganap na kinokontrol na kapaligiran. Dapat aprubahan ang ating mga produkto ng biotechnology at chemistry ng mga ahensya sa pagkontrol bago ang pagbebenta. Sa Monsanto, sumusunod tayo sa lahat ng may-katuturang international, pambansa at lokal na mga batas at regulasyon. Nagsasagawa tayo ng mga masusing pagtatasa upang panatilihin ang kaligtasan ng ating mga produkto. Bilang karagdagan, sa pamamagitan ng pagtugon o paglampas sa lahat ng kinakailangan sa pagkontrol, binibigyan natin ng katiyakan ang ating mga customer, tagapalaki at consumer na pinanatili natin ang kaligtasan ng lahat ng ating produkto at, kapag kinakailangan, nakapasa sa mga masusing pagsusuri ng naaangkop na mga kinauukulan sa pagkontrol upang matiyak ang kalayaan sa paggamit ng ating mga produkto at ibenta ang mga ito nang international.

**T:** Kung hindi ako nagtatrabaho sa departamento ng pagkontrol, ngunit nagtatrabaho sa paggawa ng kinokontrol na produkto, nangangailangan ba ako ng anumang espesyal na pagsasanay?

**S:** Oo. Ang sinumang empleyado na nauugnay o nagtatrabaho sa mga kinokontrol na produkto ay dapat na may tukoy na pagsasanay upang matiyak na sumusunod sila sa wastong mga protocol at system na binuo upang matiyak ang kaligtasan ng produkto at pagsunod sa mga kinakailangan sa pagkontrol.


## MGA PATAS NA GAWAIN SA MARKETING

Kapag imina-market o ibinebenta ang ating mga produkto, mahalagang gumamit lang tayo ng patas, etikal na mga diskarte. Ang iba sa atin na may mga pananagutan sa pagbebenta, pag-promote at pagma-market ay dapat maingat na isakatuparan ang mga tungkuling ito sa pamamagitan ng tunay at tumpak na mga representasyon. Hindi tayo dapat kailanman gumawa ng hindi totoo o nakakalitong mga pahayag tungkol sa kalidad at pagiging available ng ating mga produkto, o sa ating mga kakumpitensya. Higit pa rito, hindi tayo maaaring gumawa ng hindi patas o hindi totoong mga paghahambing sa pagitan ng mga produkto ng ating mga kakumpitensya at ng ating sariling mga produkto. Kabilang nito ang “cherry picking” o pagsasagawa ng hindi kumpletong mga pahayag tungkol sa mga produkto ng ating mga kakumpitensya o ng ating sariling mga produkto.

Nangangahulugan din ang pangangasiwa nang patas sa ating industriya na hindi tayo kailanman makikisangkot sa pangkomersyal na panunuhol. Nangyayari ang pangkomersyal na panunuhol kapag nagbibigay tayo ng mahalagang bagay sa iba pa—o nagbibigay sila ng mahalagang bagay sa atin—na may layuning hindi naaangkop na mag-impluwensiya ng pasya o pagkilos hinggil sa negosyo. Sa kabila ng kung isinasagawa nang direkta ang pangkomersyal na panunuhol, o sa pamamagitan ng isang third party, hindi pinapalagpas o pinapahintulutan ng Monsanto ang pag-uugaling ito.

**T:** Isinama ni Billy ang isang bagong customer para sa business lunch noong isang hapon. Sa kanilang talakayan, ipinaalam ng customer kay Billy ang tungkol sa napakalaking tagumpay na kanyang nakamit sa ating mga produkto. Sinabi niya kay Billy kung gaano siya nasiyahan sa antas ng serbisyo na kanyang natanggap mula sa Monsanto at nagbahagi sa kanya ng ilang kuwento tungkol sa kanyang dating problema sa mga produkto ng mga kakumpitensya. Pinasalamatan siya ni Billy para sa kanyang feedback, at tinatanong kung magagamit niya ang kanyang mga komento sa isang bagong pagkukusa sa marketing. Hinayaan niya ang Monsanto na gamitin ang kanyang testimonyal, at pumunta agad sa trabaho si Billy upang bumuo ng flier na pinaplano niyang ibigay sa kanyang mga customer sa susunod na araw. Okay ba ito?

**S:** Maaaring hindi. Ang impormasyong ating ginagamit bilang bahagi ng ating mga kampanya sa marketing ay dapat na suriin ng ilang dalubhasa sa usapin sa kabuuan ng ating Kumpanya bago ito ma-publish. Talagang mahalaga ito sa pagtitiyak ng pagiging totoo at katumpakan ng ating mga pahayag, gayundin sa pagtitiyak na hindi natin hinahamak ang mga produkto ng ating mga kakumpitensya. Dapat ibahagi ni Billy ang testimonyang ito sa kanyang tagapamahala o kumonsulta sa isang miyembro ng Departamento ng Batas upang tukuyin kung maaari itong isaalang-alang o hindi para sa pakikipag-ugnay sa mga customer. Hindi siya dapat magsagawa ng anumang pagkilos mag-isa nang hindi muna nakakatanggap ng naaangkop na pag-apruba.




## PAGSUNOD SA MGA BATAS SA KUMPETISYON

Nakikipagkumpitensya ang Monsanto nang patas at masigasig sa ating industriya. May mga batas ang karamihan ng mga bansa kung saan tayo nagpapatakbo na nagbabawal sa mga pagkilos na hindi patas na pinaghihigpitan ang kalakalan. Ang mga batas sa kumpetisyon—na tinatawag minsan na mga batas na laban sa tiwala—ay maaaring nag-iiba-iba sa bawat bansa. Pangkalahatang nagsasagawa ng hindi nagbabagong diskarte ang naturang mga batas sa mga panuntunan na nakakaapekto sa kung paano makipag-ugnayan ang dalawang kakumpitensya sa isa't isa. Ipinagbabawal ng lahat ng batas sa kumpetisyon ang mga pagkilos na laban sa kumpetisyon gaya ng:

- Hindi pagbabago ng presyo
- Pag-rigo pag-aareglo ng bid
- Paglalaan ng mga customer, market o teritoryo sa isang kakumpitensya
- Pakikipagtulungan sa iba pa upang tumangging makipagkasundo sa isang customer

Kung nagtatangka ang isang kakumpitensya na talakayin sa inyo ang alinman sa mga gawaing laban sa kumpetisyon, dapat ninyong ipahayag ang inyong hindi pag-apruba, ihinto agad ang pag-uusap at iulat ang pag-uusap sa Departamento ng Batas. Ang pakikisangkot sa ipinagbabawal na gawaing laban sa kumpetisyon ay hindi lang nakakahamak sa ating mga customer—maaaring mayroon itong malalang mga kahihinatnan para sa inyo at sa ating Kumpanya. Sa katunayan, kahit na ang *pagkakaroon* ng ipinagbabawal na kasunduan ay maaaring may malalang mga kahihinatnan para sa ating Kumpanya. Kung may iminumungkahing anumang ipinagbabawal na mga pagkilos sa iyo, tiyaking malinaw na tinatanggihan ninyo ang mga ito.

Maaaring kumplikado ang mga batas sa kumpetisyon at maaaring makabuluhang nag-iiba-iba sa kung paano makikipag-ugnayan sa isa't isa ang isang supplier at customer nito sa patayong supply chain. Huwag ipagpalagay na ang mga gawaing inaprubahan o ipinagbabawal sa isang bansa ay aaprubahan o ipagbabawal sa isa pang bansa. Bilang panghuli, kung iminumungkahi ng isang customer o supplier na makipagtulungan kayo dito upang ipahamak ang isa sa mga kakumpitensya nito, isa pa itong pangyayari kung saan dapat ninyong ihinto ang pag-uusap at kumonsulta sa inyong tagapamahala o isang miyembro ng Departamento ng Batas tungkol sa sitwasyon at sa naaangkop na mga panuntunan.

### Kumpidenayal na Impormasyon ng Monsanto at ng Iba Pang Mga Kumpanya

Ang mga batas sa kumpetisyon, batas sa intelektwal na pag-aari at batas na laban sa maling paggamit ng mga sikreto sa kalakalan ay nalalapat sa mga paraan kung saan nag-iipon tayo ng impormasyon tungkol sa ating mga kakumpitensya. Bagama't malaya tayong gamitin nang pampubliko ang available na mga paraan upang saliksikin ang mga produkto, serbisyo at kampanya sa marketing ng ating mga kakumpitensya, hindi tayo kailanman dapat gumamit ng hindi etikal na mga diskarte. Nangangahulugan ito na hindi natin kailanman maaaring maling katawanin ang ating mga sarili upang makakuha ng impormasyon.

Ang mapagkumpitensyang sensitibong impormasyon ay ang uri ng hindi pampublikong impormasyon tungkol sa ating mga mapagkumpitensyang aktibidad na hindi natin nanaising maging available sa ating mga kakumpitensya. Ang impormasyon na itinuturing ng Monsanto na kumpidensyal ay impormasyong magagamit ng iba pa upang ipahamak o idisbentahe tayo. Kabilang dito ang mga sikreto sa kalakalan at iba pang impormasyon tungkol sa ating intelektwal na pag-aari, at impormasyon na hindi natin isinasapubliko tungkol sa ating mga pananalapi, empleyado, pananaliksik, pagtuklas, plano, disenyo, diskarte, produkto, proseso, hamon at pagkakataon, at legal na usapin. Tulad ng hindi natin ibibigay ang mapagkumpitensyang sensitibong impormasyong ito sa isang kakumpitensya, hindi dapat natin hanapin ang naturang impormasyon mula sa mga kakumpitensya. At tulad ng aasahan natin sa ating mga dating empleyado na pangalagaan ang ating kumpidensyal na impormasyon, hindi natin dapat hilingin sa mga dating empleyado ng ating mga kakumpitensya na labagin ang kanilang mga pananagutan sa pagiging kumpidensyal sa kanilang mga dating employer. Kung nakakuha kayo ng mapagkumpitensyang sensitibong impormasyon nang hindi sinasadya mula sa isang kakumpitensya na hindi nanaisin ng kakumpitensya na ibunyag, huwag itong gamitin o ipamahagi ito maliban kung at hanggang sa matalakay ninyo ang isyu sa at nakatanggap ng clearance mula sa Departamento ng Batas.

Para sa higit pang impormasyon patungkol sa kung ano ang bumubuo sa kumpidensyal o mapagkumpitensyang sensitibong impormasyon, pakitingnan ang seksyon ng "Kumpidensyal at Pribadong Impormasyon" ng Code na ito. Bilang karagdagan, maaaring may buod ng inyong mga pananagutan sa pagiging kumpidensyal ang Kasunduan sa Trabaho na inyong nilagdaan noong sumali kayo sa Monsanto.





### Mga Samahan sa Kalakalan

Dapat tayong maging maingat kapag dumadalo sa mga samahan sa kalakalan o iba pang mga kaganapan sa industriya kung saan maaaring nandoon ang mga kakumpitensya. Kapag nakikipag-ugnay sa mga kakumpitensya sa mga kaganapang ito, dapat nating iwasan ang pagtatalakay ng anumang bagay na maituturing na isang pagtatangka upang higpitan ang kumpetisyon. Dapat din tayong mag-ingat kapag tinatalakay ang negosyo ng Monsanto sa ating mga kasamahang empleyado dahil maaaring nakikinig ang iba pa sa ating mga pag-uusap. Tandaan, kung nagtatangka ang isang kakumpitensya na magtalakay sa inyo ng ipinagbabawal na paksa, ihinto agad ang pag-uusap at iulat ang isyu sa inyong tagapamahala o isang miyembro ng Departamento ng Batas.

**T:** Ipinaalam kay Joy ng isa sa kanyang matagal nang mga customer na nakatanggap siya ng imbitasyon sa isang kaganapan mula sa isang kakumpitensya ng Monsanto. Sinabi niya sa kanya na nagsaayos ang kakumpitensyang ito ng customer lang na kaganapan upang tingnan ang portfolio ng produkto ng samahan at talakayin ang pagganap. Pagkatapos, tinatanong ng customer si Joy kung nais niyang sumama sa kanya bilang isang bisita upang makaalam ng higit pang impormasyon, at iminungkahing makakatulong ito sa Monsanto sa mga diskarte sa pagpepresyo at pagpapaunlad sa produkto sa hinaharap. Dahil inimbitahan siya ng isa sa kanyang mga customer, okay ba para kay Joy na dumalo sa kaganapang ito?

**S:** Maaaring hindi. Tinutukoy ng imbitasyon na ang kaganapan ay para lang sa mga customer. Sa pamamagitan ng pagdalo sa presentasyon kasama ang isang customer ng Monsanto, maaaring paratangan si Joy ng maling pagkakatawan sa kanyang sarili–isang pagkilos na hindi etikal at maaaring may malalang mga kahihinatnan para sa ating Kumpanya. Dapat pasalamatan ni Joy ang customer para sa impormasyong ito, ngunit linawin na kumukuha lang ang Monsanto ng mapagkumpitensyang impormasyon sa pamamagitan ng transparent na paraan. Maaari lang siyang dumalo kung humiling at kumuha ang customer ng pahintulot upang makadalo si Joy, na nililinaw nang mas maaaga na nagtatrabaho si Joy para sa Monsanto.

## PAGGALANG PARA SA PRIVACY NG KUMPIDENSYAL NA IMPORMASYON

Pinapahalagahan natin ang tiwala na ibinibigay sa Monsanto ng ating mga customer, vendor at iba pang mga partido kapag nagbibigay sila sa atin ng impormasyon. Upang panatilihin ang tiwalang ito, dapat ay ganap na maingat tayo upang protektahan ang kanilang impormasyon–kung kumpidensyal, personal o sensitibo man–tulad ng pag-iingat natin sa sarili nating impormasyon. Kung nakikipag-ugnay kayo sa kumpidensyal, personal o sensitibong data ng third-party dahil sa katangian ng inyong trabaho sa Monsanto, tungkulin ninyong pangasiwaan ito nang maayos at alinsunod sa mga naaangkop na batas. Huwag kailanman ibahagi ang naturang impormasyon sa mga iyon na walang pinapahintulutang pangnegosyong pangangailangan na malaman ito. Kapag nagdududa, humiling ng patnubay sa inyong direktang tagapamahala o sa Departamento ng Batas ng Monsanto.

## MGA UGNAYAN NG VENDOR AT CUSTOMER

May mahalagang tungkulin ang ating mga customer, vendor at iba pang mga kasosyo sa negosyo sa ating tagumpay bilang isang kumpanya. Nagsisikap tayong panatilihin ang mga ugnayan ng magkaparehong paggalang at tiwala sa mga partidong ito sa lahat ng panahon. Kaugnay dito, dapat tayong maging tapat sa lahat ng ating pakikipag-ugnay sa umiiral o potensyal na mga customer, vendor at iba pang mga kasosyo sa negosyo. Dapat pag-usapan nang pantay-pantay ang lahat ng kontrata at walang pandaraya o pagiging hindi tumpak. Higit pa rito, kapag pumipili ng mga vendor at subcontractor upang magbigay ng mga produkto o serbisyo o upang magtrabaho sa ngalan ng Monsanto, dapat natin itong isagawa nang pantay-pantay. Ginagawa natin ang ating mga pagpili batay sa wastong pag-aaral sa lahat ng katotohanan, na kabilang ang kalidad, mga talaang panseguridad, pangteknikal na kakayahan, makasaysayang karanasan, pagiging maaasahan, gastos, iskedyul at pagiging available at hindi kailanman sa hindi patas na pagkiling o iba pang hindi naaangkop o ilegal na mga dahilan.



# Ating Pagtuon sa Ating Kumpanya at Mga Shareowner

## IWASAN ANG HINDI PAGKAKATUGMA NG INTERES

Ang isang pangunahing bahagi sa pagtupad ng ating pagtuon sa ating Kumpanya at mga shareowner ay ang pag-iwas sa mga sitwasyon ng hindi pagkakatugma ng interes. Nagaganap ang hindi pagkakatugma ng interes kapag hindi tumutugma ang ating personal, social, hinggil sa pananalapi o pampulitikang mga interes sa mga interes ng ating Kumpanya. Mahahadlangan ng mga hindi pagkakatugma ng interes ang tagumpay ng ating Kumpanya at lilikha ng paniniwala na hindi tayo nagnenegosyo nang patas o walang pagkiling. Maaaring magresulta ang mga hindi pagkakatugma mula sa mga pakikipag-ugnay sa mga panlabas na tao o pangkat, gayundin mula sa mga ugnayan na ating ibinabahagi sa iba pa sa Monsanto. Sa ibaba ay ilang karaniwang sitwasyon ng hindi pagkakatugma ng interes na dapat nating iwasan.

### Mga Regalo at Entertainment hinggil sa Negosyo

Ang pakikipagpalitan ng mga pagbibigay-galang hinggil sa negosyo gaya ng mga regalo o mga alok ng entertainment ay karaniwang gawain na nagsusulong ng kabutihan sa pagitan ng mga kumpanya at mga customer nito o mga kasosyo sa negosyo. Kung inaalok man o natatanggap natin ang mga ito, madaling makalikha ang mga regalo at entertainment ng aktwal o kapansin-pansing hindi pagkakatugma ng interes. Upang maiwasan kahit na ang pagkakaroon ng hindi naaangkop na may kinikilingang pakikitungo, maaari lang tayong magbigay o makatanggap ng mga regalo, mga pagkain o entertainment kaugnay sa ating mga customer at kasosyo sa negosyo na:

- Hindi hinihingi
- Hindi marangya
- Naaayon sa batas
- Bihira
- Mainam
- Hindi pera o mga katumbas ng pera

Kahit na natutugunan ng isang regalo o uri ng entertainment ang pamantayan sa itaas, hindi dapat natin ialok o tanggapin ito kung maaari itong lumitaw na hindi naaangkop. Kung mayroon kayong mga alalahanin tungkol sa pagbibigay-galang hinggil sa negosyo na inyong natanggap o pinaplanong ibigay, kumonsulta sa Departamento ng Batas o sa Tanggapan para sa Asal sa Negosyo para sa patnubay.

### Mga Pagkakataong Pangkumpanya

Ang paggawa ng etikal at walang kinikilingang mga pasya sa ngalan ng Monsanto ay nangangahulugan na hindi tayo kailanman nakikipagkumpitensya sa ating Kumpanya para sa mga pagkakataon sa negosyo. Nangangahulugan ito na hindi natin masusulit ang anumang mga pagkakataon para sa ating mga sarili na ating natutuklasan sa pamamagitan ng ating posisyon sa Monsanto o sa pamamagitan ng



paggamit ng mga pag-aari ng Kumpanya o sa pamamagitan ng anumang pagkakataon kung saan nagpahayag ng interes ang ating Kumpanya. Higit pa rito, hindi natin maaaring turuan ang ating mga kaibigan o kamag-anak na sulitin ang naturang pamumuhunan o aktibidad.

### Panlabas na Trabaho

Habang nagtatrabaho sa Monsanto, mayroon tayong pare-parehong pagtuon sa pagpapahusay ng mga interes ng ating Kumpanya at pagbibigay ng ating buong pagsisikap sa trabaho. Maaaring mahirap na tuparin ang pagtuong ito habang may sarili tayong negosyo o nagtatrabaho sa isa pang kumpanya. Bagama't hindi nilalayon ng ating Kumpanya na limitahan ang ating mga pagkakataon, mahalagang hindi tayo tumanggap ng panlabas na trabaho na nakakaantala sa ating kakayahan na isagawa ang ating mga trabaho sa Monsanto. Hindi tayo maaaring tumanggap ng kasabay na trabaho sa isang kakumpitensya. Hindi tayo maaaring, nang walang masusing pagsusuri at pag-apruba, tumanggap ng trabaho sa isang customer, supplier o iba pang kasosyo sa trabaho ng Monsanto. Ang pagsasagawa nito ay makakalikha ng malalang hindi pagkakatugma ng interes. Bago ang tanggapin ang anumang panlabas na trabaho, makipag-ugnay sa inyong pinuno ng tauhan o sa Tanggapan para sa Asal sa Negosyo.

### Pakikipagnegosyo sa Pamilya at Mga Kaibigan

Minsan, maaaring nagtatrabaho tayo kasama ang mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan. Upang maiwasan ang pagkakaroon ng pagkiling, hindi tayo maaaring magkaroon ng ugnayan sa pag-uulat sa malalapit na kamag-anak. Kabilang sa malalapit na kamag-anak ang mga asawa, kabiyak, anak, anak sa labas, magulang, amain at madrasta, kapatid, balae at sinupamang miyembro ng sambahayan. Higit pa rito, hindi dapat tayo kasangkot sa proseso ng pagtanggap para sa sinumang malalapit na kamag-anak. Bagama't umiiral ang mga istraktura sa pag-uulat na ito kasunod ng pagsasagawa, mahalagang muli nating buuin ang naturang mga ugnayan sa pag-uulat hangga't praktikal ito.

### Mga Interes sa Pananalapi

Tulad ng iginagalang ng Monsanto ang ating pasya na maghanap ng makatuwirang panlabas na trabaho, iginagalang din ng ating Kumpanya ang ating karapatan na pamahalaan ang ating mga personal na pamumuhunan. Depende sa laki ng isang pamumuhunan, ang ating mga personal na interes sa pananalapi ay may potensyal na lumikha ng sitwasyon ng hindi pagkakatugma. Ang anumang mga panlabas na pamumuhunan na direkta nating pinapangasiwaan o kinokontrol natin ay dapat na hindi nakakaantala sa o negatibong nakakaimpluwensiya sa ating mga pasya bilang mga empleyado.

Maaaring magresulta ang mga hindi pagkakatugma ng interes sa anumang bilang ng mga paraan—naglilista lang ng kaunti ang mga nauunang seksyon. Ang pagkakaalam o paghihinala na maaaring mayroon kayong hindi pagkakatugma ng interes at hindi pagbubunyag nito *ay* isang paglabag sa Code na ito. Dahil dito, dapat ninyong ibunyag ang anumang aktwal o potensyal na mga hindi pagkakatugma sa inyong tagapamahala o sa Tanggapan para sa Asal sa Negosyo upang humingi ng tulong.

## PROTEKTAHAN ANG MGA PAG-AARI AT IMPORMASYON NG KUMPANYA

Bilang bahagi ng ating trabaho sa Monsanto, may access tayo sa iba't ibang mga pag-aari ng Kumpanya. Kabilang sa mga pag-aari na ito ang pisikal na ari-arian ng ating Kumpanya tulad ng kasangkapan, mga sasakyan, mga computer, mga pondo at pasilidad. Pananagutan nating protektahan ang mga pag-aaring ito mula sa pagkawala, pagnanakaw, pagkasira, pagkaaksaya o maling paggamit. Inaasahan din sa atin na gamitin ang naturang mga mapagkukunan para sa naaangkop na mga layunin sa negosyo. Ang paminsan-minsang personal na paggamit ng mga pag-aari ng Kumpanya gaya ng mga telepono, computer at photocopier ay maaaring pahintulutan, ngunit dapat na naaayon sa batas ang naturang paggamit at hindi maaaring makaantala sa ating pang-araw-araw na trabaho. Kung naghihinala kayo ng pagnanakaw, o mapanloko o hindi naaangkop o hindi naaayon sa batas na paggamit ng ari-arian ng Kumpanya, may pananagutan kayong iulat ito sa inyong tagapamahala, Pananalapi, Mga Mapagkukunang Pantao, Pandaigdigang Seguridad ng Monsanto o sa Tanggapan para sa Asal sa Negosyo. Mangyaring sumangguni sa Corporate Controller's Policy #85005.00 (Patakaran ng Pangkumpanyang Tagakontrol # 85005.00).







### Kumpidensyal at Pribadong Impormasyon

Hindi limitado sa pisikal na ari-arian ang mga mapagkukunan ng kumpanya. Sa katunayan, ang ilan sa pinakamahalagang mga pag-aari ng ating Kumpanya ay ang kumpidensyal at pribadong impormasyon na tinataglay natin. Karaniwang kabilang sa kumpidensyal na impormasyon ang impormasyon na hindi pampubliko na maaaring maging mapanganib sa Monsanto kung ibubunyag. Ang sumusunod ay ilang halimbawa ng kumpidensyal na impormasyon:

- Impormasyon sa pinaglahian ng buto at linya ng pinagmulan
- Impormasyon sa pananalapi o pangteknikal
- Data ng pagpepresyo
- Mga pribadong proseso o formula
- Istraktura ng halaga at nauugnay na data
- Mga diskarte sa marketing na pangkumpanya
- Disenyo ng kasangkapan at makinarya
- Mga listahan ng customer
- Mga plano sa negosyo
- Data at mga talaan sa pananaliksik
- Mga diskarte sa pagkontrol
- Hindi pampublikong impormasyon ng materyal

May pananagutan tayo na protektahan ang kumpidensyal at pribadong impormasyon ng ating Kumpanya mula sa hindi pinapahintulutang paggamit. Sa pagsasagawa nito, hindi natin maaaring ibunyag ang naturang impormasyon sa sinumang nasa labas ng Monsanto o kahit na sa isang tao sa loob ng Monsanto na walang malinaw na pangangailangang pangnegosyo upang makaalam. Higit pa rito, dapat tayong gumawa ng naaangkop na mga paraan upang tiyaking ang impormasyon ay hindi kailanman mawawala, manakaw, maling mailagay o maiwanang walang bantay. Nalalapat din ang mga panuntunang ito sa anumang mga device ng Kumpanya na maaaring iniimbak ang naturang impormasyon, tulad ng mga laptop o iba pang mga mobile device.

Bilang panghuli, maging maingat kapag tinatalakay ang kumpidensyal na impormasyon sa mga pampublikong lugar, gaya ng mga restaurant, tren, airport terminal at karaniwang lugar sa Kumpanya. Pinakamainam na ilaan ang mga pag-uusap na ito para sa higit pang pribadong mga lokasyon, kung saan hindi maririnig ng iba pa. Kung alam ninyo o naghihinala na ang kumpidensyal na impormasyon ay hindi naaangkop na ibinunyag, nawala o ninakaw, iulat agad ang inyong mga alalahanin sa inyong tagapamahala, Pandaigdigang Seguridad ng Monsanto o sa Tanggapan para sa Asal sa Negosyo.

Tulad ng anumang iba pang kumpidensyal na data, dapat tayong maging maingat upang protektahan ang ating mga sikreto sa kalakalan at huwag kailanman ibunyag ang mga ito sa sinuman sa labas ng ating Kumpanya na hindi sumang-ayon na panatilihing kumpidensyal ang naturang impormasyon. Huwag ibahagi ang naturang impormasyon sa sinumang empleyado ng Monsanto na walang pangangailangang pangnegosyo na malaman ito.

Para sa higit pang impormasyon na tukoy sa seguridad ng germplasm, pakitingnan ang ating Patakaran sa Proteksyon sa Pinaglahian at Linya ng Pinagmulan.

### Intelektwal na Ari-arian


Maaaring kabilang ang intelektwal na ari-arian (IP) sa ilan sa impormasyon kung saan maaaring may access kayo. Ang isa pang pag-aari na dapat nating protektahan, ang IP, ay itinuturing na mahalagang ari-arian ng Kumpanya, kabilang sa mga halimbawa nito ang:

- Mga sikreto sa kalakalan
- Mga copyright
- Mga trademark
- Mga patent
- Mga karapatan sa disenyo
- Mga logo
- Mga brand

Higit pa rito, ang anumang IP na ating nililikha habang nagtatrabaho sa ating Kumpanya sa loob ng saklaw ng ating trabaho sa Monsanto ay pag-aari ng ating Kumpanya. Kung hindi kayo nakakatiyak kung itinuturing na IP ang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa Departamento ng Batas.

**T:** Nilapitan si Edward ng isang panlabas na pangkat upang magsalita sa isang kumperensiyang hinggil sa agham tungkol sa teknolohiya sa kanyang larangan ng kasanayan. Sa kasalukuyan, nagtatrabaho siya sa isang napakahalagang proyekto sa pananaliksik kung saan isinagawa ang ilang pangunahing pagpapaunlad. Gusto niyang talakayin ang ilang elemento ng kanyang kasalukuyang pananaliksik sa kumperensiyang ito. Maaari ba itong gawin ni Edward?

**S:** Maaari. Bago ang pagtatalakay sa publiko ng anumang sensitibong impormasyon ng Monsanto na maaaring ituring na IP, dapat muna itong suriin ng naaangkop na kinauukulan–sa kasong ito, isang abugado ng IP ng Monsanto–*bago* ito ipalabas. Tumuon dapat si Edward sa pangunahing impormasyon na alam niyang hindi kumpidensyal sa Monsanto at humingi ng patnubay sa at pag-apruba para sa kanyang pagsasalita mula sa naaangkop na mga mapagkukunan bago ang kanyang presentasyon.





## GAMITIN NANG WASTO ANG MGA TEKNOLOHIYA NG KUMPANYA

May mahalagang tungkulin ang mga teknolohiya sa trabaho na ating ginagawa sa Monsanto. Binibigyang-daan tayo ng mga tool na ito magkaroon ng kakayahang umangkop sa ating mga trabaho at tinutulungan tayong maging mas malikhain at mahusay sa ating mga pagsisikap para sa kumpanya. Gayunpaman, ang parehong mga tool na ito, ay nangangailangan ng maingat at responsableng paggamit upang matiyak na ang paggamit sa mga ito ay naaayon sa mga mainam na gawain sa negosyo at hindi nakakaantala sa mga pagpapatakbo ng negosyo o mga katrabaho.

Kaugnay sa teknolohiya ng ating Kumpanya, may pananagutan tayo na gamitin ang mga pag-aaring ito nang wasto, etikal, sa ligtas at secure na paraan at naaayon sa batas. Tulad ng iba pang mga mapagkukunan ng Kumpanya, pinapahintulutan ang limitadong personal na paggamit ng mga teknolohiya ng Monsanto. Mahalagang tandaan na, kung pinapayagan ng batas, maaaring subaybayan at suriin ng ating Kumpanya ang ating paggamit. Kabilang dito ang lahat ng impormasyon at kaugnayang ipinadala, natanggap o inimbak sa loob ng ating mga electronic mail o voicemail ng Monsanto. Kabilang din dito ang impormasyong ating nililikha, ipinapadala, natatanggap, ipinoproseso o iniimbak sa teknolohiya ng ating Kumpanya gaya ng mga laptop, telepono at iba pang mga system at device. Dahil dito, habang ginagamit ang mga teknolohiya ng Kumpanya, dapat na maging maingat tayong lahat kapag:

- Lumilikha ng anumang nakasulat na mga pakikipag-ugnayan o dokumento upang kumilos alinsunod sa ating Pangako, Patakaran sa Mga Karapatang Pantao at Code na ito gayundin sa iba pang mga patakaran ng kumpanya
- Nagba-browse sa internet upang maiwasan ang hindi naaangkop o hindi inaaprubahang mga web site at serbisyong batay sa web
- Naglilipat ng data sa pinapahintulutang mga panlabas na partido sa pamamagitan ng paggamit lang ng inaaprubahang mga serbisyo sa paglilipat ng data ng kumpanya
- Ginagamit ang mga mapagkukunan sa pag-compute upang maiwasan ang naturang paggamit para sa anumang personal na aktibidad sa negosyo

Dahil karaniwang naglalaman ng kumpidensyal o pribadong impormasyon ang mga teknolohiya ng Kumpanya, mahalagang sundin natin ang lahat ng paraang panseguridad at pamamarang itinatakda upang protektahan ang ating mga laptop, computing system at iba pang mga mobile device. Ang inyong password ay sa inyo at sa inyo lang. Huwag ito kailanman ibahagi sa sinuman. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa kung ano ang kabilang sa katanggap-tanggap na paggamit ng Teknolohiya ng Kumpanya mangyaring makipag-ugnay sa inyong lokal na HR Generalist. Mangyaring sumangguni sa Acceptable Use Policy (Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit) ng Mapagkukunang Pantao para sa karagdagang patnubay.







## Paggamit ng Social Media

Nagbibigay sa atin ang social media ng maraming pagkakataon upang makipag-ugnay sa ating mga stakeholder sa pamamagitan ng mga blog, social networking site, micro-blog, site sa pagbabahagi ng larawan at video, chat room, forum at wiki, at marami pang iba. Kapag gumagamit ng anumang naturang media, dapat tayong mag-ingat na hindi ibunyag ang anumang kumpidensyal na impormasyon tungkol sa ating Kumpanya. Higit pa rito, hindi dapat tayo gumamit ng social media upang ipahamak ang ating mga customer, supplier, kasamahang empleyado o iba pang mga stakeholder, o gumawa ng nakakalito o hindi sinusuportahang mga pahayag tungkol sa Monsanto, mga produkto nito, mga kakumpitensya nito o kanilang mga produkto. Bagama't hindi nilalayon ng Monsanto na kontrolin o subaybayan ang ating personal na paglahok, dapat nating tiyakin na hindi ibigay ang paniniwalang ang mga pananaw at opinyon na ating ipinapahayag online ay mga pananaw at opinyon din ng ating Kumpanya, maliban kung kabilang sa ating mga tungkulin sa trabaho ang pagbabahagi ng naturang mga pananaw. Sa kasong iyon, dapat ninyong isaad ang inyong titulo ng trabaho sa pakikipag-ugnay. Maipapatungkol din sa Monsanto ang mga electronic na pag-post na ating ginagawa gamit ang mga teknolohiya ng Monsanto, kaya higit na maging maingat kapag bumubuo ng mga pakikipag-ugnay sa mga laptop, computer system o iba pang mga device na ibinigay ng Kumpanya. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa katanggap-tanggap na paggamit ng social media, makipag-ugnay sa Koponan ng Social Media. Para sa karagdagang patnubay, mangyaring sumangguni sa Social Media Guidelines (Mga Alituntunin ng Social Media).



## Seguridad ng Impormasyon



Bilang isang kumpanyang batay sa intelektwal na ari-arian, kritikal ang pagprotekta sa ating impormasyon upang matiyak ang tagumpay sa hinaharap ng Monsanto. Lubos na mahalaga ang seguridad ng impormasyon sa pagpapanatili ng kumpiyansa at tiwala ng lahat ng customer, vendor at iba pang mga partido kung saan tayo nakikipagtulungan. Ang pagprotekta sa data at mga system ay isang kritikal na bahagi ng ating diskarte at mga pagpapatakbo sa negosyo.

Ibinibigay ng Monsanto Information Security Policy (Patakaran sa Seguridad ng Impormasyon ng Monsanto) at sumusuportang Information Security Standards (Mga Pamantayan ng Seguridad ng Impormasyon) ang batayan kung saan pinapanatili natin ang pagiging kumpidensyal, integridad at pagiging available ng ating impormasyon at mga system.

Patakaran natin na dapat pamahalaan nang naaangkop ang impormasyon at mga system at protektahan laban sa hindi pinapahintulutang pag-access, paggamit, pagbubunyag, pagbabago, pagsira o pagtanggi ng mga serbisyo. Ipinapatupad at sinusubaybayan nang tuluy-tuloy ang mga pagkontrol sa seguridad ng impormasyon at mga pamamaraan upang matiyak ang pagiging kumpidensyal, integridad at pagiging available. Halimbawa:

- Pagsasanay at edukasyon
- Pagsubaybay sa mga banta at pagbabawas ng mga kahinaan
- Pagpapanatili ng pagtunton ng insidente at mga kakayahan sa pagtugon
- Pagtatasa sa mga peligro sa seguridad ng impormasyon ng ating mga vendor at teknolohiya nang pana-panahon

Bagama't nagpapatupad ang ating Kumpanya ng maraming pangteknikal na pagkontrol upang protektahan ang sensitibong impormasyon, talagang nagsisimula sa atin ang seguridad ng impormasyon.

## MAGPANATILI NG TAPAT NA MGA TALAAN SA PANANALAPI

Ang mga talaan sa pananalapi ng Monsanto ay ang window ng publiko sa pangkalahatang tagumpay ng ating negosyo. Umaasa sila sa atin upang bumuo ng tapat, tumpak at napapanahong mga pagbubunyag na naaayon sa mga naaangkop na batas at regulasyon. Samakatuwid, ang lahat ng impormasyon na ating isinusumite sa mga talaan ng Kumpanya ay dapat na ganap na totoo, tama at kumpleto. Dapat nating sundin ang lahat ng naaangkop na kinakailangan sa accounting at panloob na pagkontrol kapag nagtatala ng anumang impormasyon, at magsumite ng naaangkop na dokumentasyon kung kinakailangan.

Kapag nakikisangkot sa at nagtatala ng mga transaksyon ng negosyo sa ibang pagkakataon, hindi dapat natin kailanman:

- Ipakita nang mali ang anumang impormasyon, verbal man o sa pamamagitan ng pagsusulat
- Ilarawan nang mali ang mga transaksyon ng Kumpanya
- Itago ang mga pondo
- Ipahayag ang hindi ibinubunyag o hindi nakatalang mga account ng pondo
- Payagan na mangyari ang hindi naaayon sa batas o hindi etikal na mga gawain sa accounting
- Iulat ang mga transaksyon sa maling yugto ng panahon
- Maling tukuyin ang mga transaksyon sa pananalapi

Kung ipinapaalam sa inyo ang anumang hindi tumpak o hindi kumpletong mga talaan kabilang, ngunit hindi limitado sa mga talaan ng benta, matatanggap ng mga account, purchase order, paglilipat ng pondo at ulat sa gastusin, may pananagutan kayong iulat ang usapin sa tanggapan ng Tagakontrol na Pangkumpanya. Tandaan, ang anumang mali, hindi totoo o mapanlokong aktibidad ay dapat na iulat agad sa Pangkalahatang Auditor, Tagakontrol na Pangkumpanya at sa Tanggapan para sa Asal sa Negosyo.

### Pagpapanatili ng Mga Talaan

Ang isa pang paraan na bumubuo tayo ng tiwala sa ating mga shareowner at sa publiko ay sa pamamagitan ng wastong pamamahala sa ating mga talaan. Tumutulong sa ating Kumpanya ang tumpak na pagpapanatili ng talaan na suportahan ang mga pahayag nito at subaybayan ang mga pag-aari at gawain nito. Ang mabisang pamamahala sa ating mga talaan ay isang pangunahing panloob na pagkontrol at tumutulong sa atin na matugunan ang ating mga pangangailangan sa negosyo at bumuo ng may-katuturang mga dokumento sa tuwing kinakailangan ang mga ito.

Dahil dito, dapat nating sundin ang lahat ng patakaran at iskedyul sa pagpapanatili na itinatakda sa ating *Manual ng Pamamahala sa Mga Talaan* at iba pang patnubay na ibinigay ng ating pinuno sa lahat ng lokasyon kung saan tayo nagnenegosyo. Dapat din nating sundin ang naaangkop na mga legal na pagpapanatili o pagpapanatili ng buwis, na hindi kailanman binabago o sinisira ang mga dokumento bago mag-expire ang naturang mga pagpapanatili.

Minsan, maaaring hilingin sa ating lumahok sa isang panloob o panlabas na audit o pagsisiyasat sa mga aklat at talaan ng ating Kumpanya. Inaasahan sa atin na sumunod sa lahat ng naturang mga audit at pagsisiyasat, kabilang ang mga isinagawa ng mga ahensya ng pamahalaan at upang bigyan ang mga auditor at tagasiyasat ng impormasyon na kinakailangan nila. Hindi natin kailanman maaaring subukang antalahin o hadlangan ang anumang pagsisiyasat sa pamamagitan ng pagtatago, pagsira o pagbabago sa may-katuturang dokumentasyon.

## TUMPAK NA MGA PANLABAS NA PAKIKIPAG-UGNAY

May pananagutan tayo na makipag-ugnay nang tahasan at nang may pagiging transparent sa ating mga shareowner at sa publiko. Nangangahulugan ito na hindi tayo dapat magsalita sa ngalan ng Monsanto maliban kung tukoy tayong pinapahintulutan na gawin ito. Upang maiwasan ang pagbubunyag ng kumpidensyal o hindi tumpak na impormasyon, nagtalaga ang Monsanto ng mga spokesperson upang gawin ang mga pahayag sa ngalan ng ating Kumpanya. Kung makatanggap kayo ng inquiry mula sa analyst o investor sa Wall Street, mangyaring ipasa ang kahilingan sa Mga Ugnayan sa Investor ng Monsanto (U.S.) 314-694-8149. Kung makatanggap kayo ng inquiry mula sa isang miyembro ng media, mangyaring ipasa ang kahilingan sa Monsanto Public Affairs (U.S.) sa 314-694-6397.





**T:** Nakipag-ugnay kay Pablo ang isang mamamahayag na naghahanap ng impormasyon tungkol sa mga paratang laban sa kalidad ng produkto ng Monsanto. Bagama't hindi karaniwang kabilang sa kanyang mga pananagutan sa trabaho ang pakikipag-usap sa publiko, alam ni Pablo na hindi totoo ang mga paratang na ito. Upang pigilan ang masamang publisidad, maibabahagi ba ni Pablo ang kanyang kaalaman sa mamamahayag na ito?

**S:** Hindi. Kahit na may impormasyon si Pablo na maaaring pabulaanan ang mga bali-balitang kaugnay sa kalidad ng produkto ng Monsanto, hindi niya ito dapat na ibahagi maliban kung pinapahintulutan siyang gawin ito. Maaaring kumpidensyal ang impormasyong tinataglay niya, o maaaring kailangan itong makumpirma ng iba pang mga pinagmulan sa loob ng Kumpanya bago ito ipalabas sa publiko. Dapat payagan ni Pablo ang isang pinapahintulutang spokesperson ng Kumpanya na sagutin ang tanong na ito at i-refer ang mamamahayag sa Monsanto Public Affairs (U.S.) sa 314-694-6397.

## WALANG PAKIKIPAGKALAKAL O PAGBIBIGAY NG TIP SA KASAPI

Ikinakalakal sa publiko ang ating Kumpanya. Nangangahulugan ito na bilang mga empleyado ng Monsanto, hindi natin mabibili o mabebenta ang stock ng ating Kumpanya habang nagtataglay ng materyal, hindi pampublikong impormasyon. Ang materyal, hindi pampublikong impormasyon—tinatawag din na panloob na impormasyon—ay impormasyon na pangkalahatang ituturing na mahalaga ng makatuwirang investor sa pagtukoy kung bibili, magpapanatili o magbebenta ng stock ng isang kumpanya. Itinuturing na hindi pampubliko ang impormasyon hanggang sa magkaroon ng pagkakataon ang market na tasahin ito, na maaaring tumagal nang ilang araw pagkatapos itong isapubliko. Ang sumusunod ay mga halimbawa ng mga bagay na maaaring ituring na panloob na impormasyon:

- Makabuluhang mga pagpapaunlad na kaugnay sa mga produkto o sa pipeline ng pananaliksik
- Mga pagtatasa ng mga kita o pagkalugi sa hinaharap
- Isang makabuluhang nakabinbin o ipinanukalang pagkuha o tagapagsama o pagbebenta ng mga pag-aari
- Resolusyon ng makabuluhang paglilitis
- Paghahayag ng paghahati ng stock o pag-aalok ng karagdagang mga seguridad
- Hindi inanunsiyong mga pagbabago sa nakatataas na pamamahala

Tandaang pinagbabawalan din tayo mula sa pagbili o pagbebenta ng stock ng anupamang kumpanya habang nagtataglay ng panloob na impormasyon tungkol sa kumpanyang iyon. Higit pa rito, hindi tayo maaaring magpayo o "magbigay ng tip" sa iba pa na ikalakal ang panloob na impormasyon na maaaring tinataglay natin o makisangkot sa mga transaksyon sa pondo ng stock ng Kumpanya sa SIP habang tinataglay natin ang panloob na impormasyon. Hindi lang ito patakaran ng Monsanto, isa itong potensyal na paglabag sa batas. Inilalantad ng mga paglabag sa mga batas sa pakikipagkalakal sa kasapi ang mga indibidwal na kasangkot at ating Kumpanya sa posibilidad ng kriminal na pag-uusig.

Kung mayroon kayong anumang mga tanong tungkol sa kung ano ang mga kuwalipikasyon ng panloob na impormasyon, mangyaring kumonsulta sa Pangkat ng Pamamahalang Pangkumpanya ng Monsanto sa ating Departamento ng Batas.





# Ating Pagtuon sa Ating Mundo

## PROTEKSYON SA KAPALIGIRAN


Sa Monsanto, alam nating maipapatungkol sa mga komunidad kung saan tayo nagpapatakbo ang malaking bahagi ng ating tagumpay. Upang protektahan ang mga komunidad na ito, mga nakapalibot na kapaligiran ng mga ito at ng ating mundo sa kabuuan, patakaran natin na sumunod sa mga batas at kinakailangang pangkapaligiran saan man tayo nagpapatakbo. Sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng batas at regulasyong pangkapaligiran, gayundin sa mga patakaran at pamamaraan ng ating Kumpanya, nagse-secure tayo ng mas magandang hinaharap para sa ating mga stakeholder. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kinakailangang pangkapaligiran ng Monsanto, pakitingnan ang kaugnay na mga patakaran sa Monsanto ESH Manual (ESH Manual ng Monsanto).

**T:** Uuwi si Katrina galing sa trabaho ngayong araw. Habang lumalabas siya sa pasilidad ng paggawa, napansin niyang ang isa sa kanyang mga kasamahan sa trabaho ay nagtatapon ng maaaring mga chemical nang direkta sa lupa, ilang hakbang ang layo mula sa gusali. Walang maisip na dahilan si Katrina kung bakit inutusan ang kanyang kasamahan sa trabaho na gawin ito at may mga alalahanin na makakasira ito sa kapaligiran. Ano ang dapat gawin ni Katrina?

**S:** Tama si Katrina na mag-alala tungkol sa maaaring hindi naaangkop na pagtatapon ng mga chemical. Kung nangyayari ito, walang dahilan para sa mga pagkilos ng kanyang kasamahan sa trabaho. Ang hindi naaangkop na pagtapon ng ilang chemical ay maaaring may nakakapinsalang epekto sa nakapalibot na kapaligiran, gayundin sa direktang kalusugan at kaligtasan ng iba pang mga empleyado at indibidwal na malapit sa pasilidad. Dapat tanungin agad ni Katrina ang kasamahan sa trabaho tungkol sa ginagawa at ipaalam sa kanyang tagapamahala ang sitwasyon. Kung hindi siya komportable na makisangkot sa sitwasyon, dapat na iulat niya agad ang bagay na ito nang direkta sa Tanggapan para sa Asal sa Negosyo.

## NWALANG PANUNUHOL O MGA GAWAIN NG KATIWALIAN

Bilang pandaigdigang samahan, sumasailalim ang ating Kumpanya sa iba't ibang mga batas na laban sa katiwalian sa buong mundo. Binuo ang naturang mga batas upang tulungan tayong magpanatili ng patas, etikal at transparent na mga pakikipag-ugnay sa mga opisyal ng pamahalaan. Ang pagsunod sa pandaigdigang mga batas na laban sa katiwalian kabilang ang Foreign Corrupt Practices Act (“FCPA”) ng U.S. ay nangangahulugan na wala sa atin o ating mga ahente ng third party ang manunuhol o magtatangkang manuhol sa isang opisyal ng pamahalaan upang makakuha ng pakinabang para sa Monsanto. Kabilang sa mga ahente ng third party ang, ngunit hindi limitado sa, mga kasangguni, vendor, tagahatid ng produkto at samahan sa kalakalan.





Upang maging malinaw, ang panunuhol ay ang pagbibigay ng anumang mahalagang bagay gaya ng mga regalo, pagbabayad, serbisyo, entertainment o pabor—sa pagtatangkang kumuha o magpanatili ng negosyo o impluwensiyahan ang mga pagkilos ng isang opisyal ng pamahalaan sa ngalan ng Monsanto. Ayon sa FCPA, malawak na tinutukoy ang isang opisyal ng pamahalaan, at kabilang ang mga empleyado ng pamahalaan ng pederal, estado o lokal, kandidato sa pulitika o empleyado ng isang negosyo o unibersidad na pag-aari o kinokontrol ng pamahalaan. Maaaring hindi palaging malinaw kung sino ang kuwalipikado bilang opisyal ng pamahalaan. Kung mayroon kayong anumang mga tanong o alalahanin sa kung nakikipag-ugnay kayo sa isang opisyal ng pamahalaan, dapat kayong makipag-ugnay sa Tanggapan para sa Asal sa Negosyo bago magpatuloy.

Hindi rin tayo dapat kailanman mag-alok o tumanggap ng mga kickback. Nangyayari ang kickback kapag tayo o ating ahente ng third party ay nagbabalik o tumatanggap ng pagbabalik ng kabuuang halaga na binayaran na o dapat na bayaran bilang parangal para sa pagsasagawa o pagsusulong ng mga kasunduan sa negosyo. Tandaang dapat na maging lantaran at totohanan ang lahat ng ating pakikipag-ugnay sa mga opisyal ng pamahalaan. Ang mga paglabag sa mga batas na laban sa katiwalian ay maaaring may malalang mga kahihinatnan, parehong para sa mga indibidwal na kasangkot gayundin sa Monsanto. Dahil dito, huwag kailanman magbigay ng anumang mahalagang bagay sa isang opisyal ng pamahalaan, kahit na sa palagay ninyo ay isa itong bagay na maliit, nang walang paunang pahintulot mula sa inyong Pangrehiyong Pangkat sa Paggawa sa Asal sa Negosyo. Kung may mga tanong kayo patungkol sa mga batas na laban sa katiwalian at laban sa panunuhol, mangyaring makipag-ugnay sa inyong Pangrehiyong Pangkat sa Paggawa sa Asal sa Negosyo, sa Tanggapan para sa Asal sa Negosyo o sa Departamento ng Batas.

### Mga Pagbabayad hinggil sa Kalusugan at Kaligtasan

Sa Monsanto, palaging priyoridad ang ating kalusugan at kaligtasan. Dahil dito, pinapahintulutan ng ating Kumpanya ang mga pagbabayad na ginawa sa mga opisyal ng pamahalaan kung saan nasa malalang panganib ang pisikal na kalusugan o kaligtasan ng isang tao. Upang maging kuwalipikado bilang isang lehitimong pagbabayad hinggil sa kalusugan at kaligtasan sa halip ng hindi naaangkop na suhol, dapat na may totoong pang-emergency na sitwasyon ang tao kung saan may dagliang, malalang panganib sa personal na kaligtasan ng isang tao.


Dapat iulat ang lahat ng pagbabayad hinggil sa kalusugan at kaligtasan sa Pangkalahatang Tagapayo ng Monsanto at Tagakontrol na Pangkumpanya gayundin sa may-katuturang Pangrehiyong Pinuno sa Batas at Pangrehiyong Pinuno sa Pananalapi sa loob ng isang (1) araw na may pasok kasunod ng pagbabayad.

### Mga Etikal na Transaksyon ng Pera

Ang money laundering ay ang proseso kung saan tinatangka ng mga indibidwal o entity na itago ang mga ilegal na pondo o gawing lehitimo ang mga pinagmulan ng mga pondong iyon. Maaaring kinuha ang naturang mga pondo sa pamamagitan ng gawaing hinggil sa krimen, mga pagkilos ng terorismo, pagbebenta o pagbili ng droga o pagpapababa sa buwis. Marami sa mga bansa kung saan tayo nagtatrabaho ay nagpapanatili ng mga batas na ipinagbabawal ang money laundering. Ang pagpapanatili ng mga ugnayan sa mga tao o pangkat na nakikisangkot sa money laundering ay maaaring makaapekto nang malala sa reputasyon at integridad ng Monsanto. Bilang pagsunod sa mga pandaigdigang batas na laban sa money laundering, hindi tayo kailanman tumatanggap nang sinasadya ng mga pondong kinuha sa pamamagitan ng mga ilegal na paraan. Kung naghihinala kayo na maaaring kasangkot ang sinumang customer o kasosyo sa negosyo ng Monsanto sa mga aktibidad ng money laundering, iulat agad ang inyong mga alalahanin sa Departamento ng Batas.

**T:** Kasalukuyang nakikipagkasundo si Alex upang makuha ang mga serbisyo ng isang bagong kumpanya sa pagpapayo para sa Monsanto. Karaniwan, kumukuha ang Monsanto ng mga serbisyo sa pagpapayo sa karaniwang rate at bayarin. Gayunpaman, ipinagdidiinan ng partikular na pangkat na ito ang rate na 50% na mas mataas. Alam ni Alex na may napakalaking tagumpay ang kumpanyang ito sa mga opisyal ng pamahalaan sa pagkuha ng mga pag-apruba hinggil sa pagkontrol. Dapat ba siyang mag-alala tungkol sa pagpapatuloy?

**S:** Oo. Maaaring isang problema ang hindi normal na matataas na bayarin sa komisyon—partikular para sa isang kumpanyang may matagumpay na track record sa pakikipag-ugnay sa mga opisyal ng pamahalaan. Maaaring isinasaad nito na nagsasagawa ang kumpanya ng hindi naaangkop na palihim na mga pagbabayad sa mga opisyal o ahente ng pamahalaan upang makakuha ng mga pag-apruba hinggil sa pagkontrol. Isa itong ganap na gawain ng katiwalian—isang bagay na hindi pinapayagan ng Monsanto at isang bagay kung saan hindi ito lalahok. Bago magpatuloy sa mga pakikipagkasundo, dapat makipag-ugnay si Alex sa Departamento ng Batas para sa tulong.





## PAGSUNOD SA MGA BATAS SA INTERNATIONAL NA KALAKALAN

Ang pag-export at pag-import ay mga pang-araw-araw na aktibidad sa Monsanto. Bilang pandaigdigang kumpanya, ine-export natin ang ating mga produkto sa buong mundo at nag-i-import ng mga produkto mula sa iba't ibang mga bansa. Kinokontrol ang naturang kalakalan ng mga batas sa international na kalakalan.

Nagaganap ang pag-export kapag nagpapadala tayo ng mga produkto, mga serbisyo, teknolohiya o software sa alinman sa Monsanto o hindi kaugnay na entity sa isa pang bansa. Ang teknolohiya (hal. pangteknikal na impormasyon) na ibinibigay sa pamamagitan ng email o kahit nang verbal sa isang hindi mamamayan ng U.S. sa Estados Unidos o isang indibidwal sa isa pang bansa ay maaari ring ituring na isang pag-export. Bago ang pag-export, dapat nating i-verify na karapat-dapat ang recipient na tumanggap ng item nang walang paunang pag-apruba ng pamahalaan o, kung kinakailangan ang pag-apruba ng pamahalaan, kunin ito. Para sa mga pag-import, dapat tiyakin ng Monsanto ang wastong pagbabayad ng anumang mga tungkulin o bayarin, gayundin ay kunin ang lahat ng kinakailangang pahintulot ng ahensya ng maramihang pamahalaan, paghahaing pangseguridad, paghahain ng entry sa customs at dokumentasyon.

Kung kabilang sa inyong mga pananagutan sa trabaho ang aktibidad sa international na kalakalan, mahalagang alamin ninyo at sundin ang lahat ng pambansa at lokal na mga regulasyon na namamahala sa ating mga aktibidad sa pag-export at pag-import. Lahat tayo, mga empleyado at kontraktor, ay dapat komunsulta sa ating lokal na Mga Koponan ng Pandaigdigang Kalakalan at Pagsunod para sa mga serbisyo sa kalakalan *bago* magsagawa ng anumang karagdagang mga hakbang upang magsagawa ng pag-export o tumanggap ng pag-import. Para sa mga tanong, mangyaring sumangguni sa lokal na Koponan ng Pandaigdigang Kalakalan at Pagsunod o sa Departamento ng Batas. Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang ating Patakaran sa Pandaigdigang Customs at Pag-import, gayundin ang ating Patakaran sa Pagkontrol sa Pandaigdigang Pag-export.

### Mga Batas na Laban sa Boycott

Dahil sa ating malawak na mga pandaigdigang pagpapatakbo, dapat tayong maging alerto, partikular na para sa mga kahilingan sa ilegal na boycott ng ating potensyal na mga kasosyo sa trabaho. Ang mga bansa, kabilang ang Estados Unidos, ay nagpapanatili ng mga batas na laban sa boycott na mahigpit na pinagbabawalan ang Monsanto at iba pang mga kumpanya mula sa pakikipagtulungan sa mga hindi pinapahintulutang boycott o iba pang mga gawain na pinaghihigpitan ang kalakalan. Bilang isang kumpanya na may headquarters sa U.S., nangangahulugan ito na hindi tayo maaaring magsagawa ng anumang pagkilos o magsagawa ng anumang pahayag na maaaring ituring na ating paglahok sa isang boycott na hindi pinapahintulutan ng Estados Unidos.


May malalang mga parusa ang paglahok sa isang ilegal na boycott. Inaatas sa Monsanto na iulat ang ilang partikular na aktwal o pinaghihinalaang kahilingan sa boycott sa Pamahalaan ng U.S. Kung makatanggap kayo ng kahilingang kaugnay sa boycott, sinasabi o nakasulat, abisuhan agad ang Departamento ng Batas.

### Mga Parusa na hinggil sa Ekonomiya at Pinagbabawalang Partido

Nalalapat din ang mga parusa na hinggil sa kalakalan at ekonomiya sa mga pandaigdigang pagpapatakbo ng Monsanto. Ang naturang mga parusa ay maaaring ipatupad ng Estados Unidos, United Nations, European Union, o anumang iba pang bansa o pangkat ng mga bansa, at pangkalahatang pinaghihigpitan ang mga pakikipag-ugnay sa ilang partikular na bansa. Higit pa rito, pinaghihigpitan ng Estados Unidos at ng iba pang mga hurisdiksyon ang mga pakikipag-ugnay sa ilang partikular na pinagbabawalang partido (hal. mga naka-blacklist na indibidwal at entity) na maaaring kasangkot sa mga aktibidad na gaya ng:

- Terorismo
- Pagbebenta at pagbili ng mga narkotiko
- Ilegal na pag-export o muling pag-export ng kinokontrol na teknolohiya
- Ipinagbabawal na suporta sa pinaparusahang bansa

Sa pangkalahatan, hindi makakapagnegosyo ang Monsanto sa mga pinaghihigpitang bansa, indibidwal o entity nang walang paunang pag-apruba ng pamahalaan. Pananagutan natin na malaman at sundin ang naaangkop na mga paghihigpit sa mga lokasyon kung saan tayo nagnenegosyo. Kung may mga tanong kayo tungkol sa kung aling mga bansa o partido ang pinaghihigpitan, mangyaring makipag-ugnay sa Departamento ng Batas.





## MGA NAAANGKOP NA KONTRIBUSYONG HINGGIL SA PULITIKA AT CHARITY

Minsan, maaaring piliin ng ating Kumpanya na makisangkot sa mga aktibidad na hinggil sa pulitika na kumakatawan sa ating mga layunin o nagpapakita ng ating mensahe bilang isang kumpanya. Kapag isinasagawa ito, ganap tayong sumusunod sa mga naaangkop na batas na namamahala sa naturang aktibidad. Sa Estados Unidos, maaari ring magtakda ang ating Kumpanya ng mga pondo sa pagkilos na hinggil sa pulitika kung saan maaaring magpatuloy ang mga karapat-dapat na indibidwal kung pipiliin nila. Tumatakbo ang mga pondong ito nang wala ang anumang pampulitikang partido, samahan o kandidato para sa katungkulan at lubos na opsyonal ang paglahok sa mga ito.

Hinihikayat tayo ng ating Kumpanya na makisangkot sa mga gawaing sibiko at lumahok sa prosesong pampulitika, bagama't maaari lang nating isagawa iyon sa ating sariling panahon at sa ating sariling gastos. Hindi dapat natin kailanman gamitin ang ari-arian, mga mapagkukunan, panahon o mga pondo ng Monsanto para sa mga personal na pampulitikang aktibidad. Nalalapat din ito sa anumang mga layuning pang-charity o pagkilos ng pagboluntaryo, maliban kung opisyal na ini-sponsor ng Monsanto. Higit pa rito, hindi dapat ninyo kailanman gamitin ang mga teknolohiya ng Kumpanya, gaya ng mga pakikipag-ugnay sa email, upang manghimok sa ngalan ng mga layuning pangrelihiyon o pampulitika na hindi paunang inaprubahan ng Monsanto.

Maaaring makisangkot ang ating Kumpanya sa lobbying, paminsan-minsan. Maaaring tumutukoy ang lobbying sa maraming iba't ibang aktibidad, ngunit palaging kabilang ang mga pakikipag-ugnay sa mga opisyal ng pamahalaan, mambabatas, tagakontrol, opisyal ng executive na sangay o miyembro ng kanilang kawani. Mahigpit na kinokontrol sa buong mundo ang mga pagsusulong ng lobbying. Kung kabilang sa inyong mga pananagutan sa trabaho ang pampulitikang lobbying, dapat ninyong alamin o sundin ang mga naaangkop na batas. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring sumangguni sa Patakaran sa Lobbying sa U.S. ng Monsanto. Kung nagtatrabaho kayo sa labas ng U.S., dapat kayong kumonsulta sa inyong pangrehiyong kinatawan ng mga gawain ng pamahalaan.

Bilang panghuli, bagama't patakaran ng ating Kumpanya na hindi magsagawa ng mga kontribusyong hinggil sa pananalapi sa mga pampulitikang partido sa labas ng Estados Unidos nang walang naaangkop na pag-apruba, maaari tayong magsagawa ng mga kontribusyong pangkumpanya sa mga pampulitikang partido, komite o kandidato sa U.S., na sumasailalim sa mga naaangkop na batas.

**T:** Taon-taon, lumalahok si David sa isang pangangalap ng pondo na ini-sponsor ng kanyang simbahan. Sa naunang mga taon, nagpadala siya ng mga email na ipinapalaam sa kanyang mga kasamahan sa trabaho ang tungkol sa kaganapan at inimbitahan sila nalumahok o mag-donate sa layunin. Hindi niya natanggap ang kabuuang suportang kanyang gusto. Ngayong taon, nagpasya siyang dagdagan ang kanyang mga pagsisikap upang maipaalam ang mensahe sa mga kasamahan sa trabaho, nang nagpapadala ng mga pang-araw-araw na paalala sa email at nagpapaskil ng mga flyer sa mga break room. Okay ba ito?

**S:** Hindi. Bagama't hinihikayat si David na lumahok sa mga kaganapang pang-charity sa kanyang sariling pasya at maaaring tukoy na banggitin ang kanyang mga pagsisikap sa mga kasamahan sa trabaho sa karaniwang pag-uusap, hindi niya maaaring gamitin ang computer at mga email system ng Kumpanya upang manghimok ng paglahok sa kanyang sariling layunin. Ang pagpapadala ng naturang mga email mula sa kanyang account sa Monsanto ay maaaring magpahiwatig ng hindi naaangkop ng opisyal na suporta ng Monsanto sa layunin. Higit pa rito, lumilikha ito ng hindi kinakailangang mga pang-aagaw ng pansin lalo na kapag ipinapadala ang mga mensahe nang labis at maaaring maaburido o mainis ang mga kasamahan sa trabaho na hindi nais na lumahok. Bilang panghuli, hindi dapat gamitin ni David ang panahon ng Kumpanya upang manghimok para sa kanyang kaganapan sa pangangalap ng pondo at magpaskil lang dapat ng mga flyer sa mga nasasakupan ng Kumpanya kung saan pinapahintulutan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa patakaran sa panghihimok ng Monsanto, kabilang ang mga limitadong pagbubukod, mangyaring kumonsulta sa inyong manual ng patakaran ng HR.



# Mga Waiver

Bagama't hindi kailanman inaasahan ang mga waiver ng ating Code, maaaring ibigay ang mga ito sa ilang partikular na limitadong pangyayari. Dapat aprubahan ang anumang waiver ng o pagbabago sa ating Code ng Lupon ng Mga Direktor ng Monsanto. Kabilang dito ang anumang waiver na hiniling ng mga direktor at executive officer na kinabibilangan ng ating Chief Executive Officer. Higit pa rito, dapat ibunyag sa publiko ang naturang mga waiver o pagbabago kung kinakailangan ng naangkop na batas o mga panuntunan sa pakikipagpalitan ng stock.



# May mga tanong o alalahanin?
# Makakatulong kami.

BCO
BUSINESS CONDUCT OFFICE

## Maaari kayong makipag-ugnayan sa Tanggapan para sa Asal sa Negosyo sa ilang paraan:

Web: www.contactBCOglobal.com / Email: business.conduct@monsanto.com

Mail: Post Office Box 21526, St. Louis, Missouri 63132 USA

Pagpapalabas sa 2013

Kung nais ninyong magsumite ng alalahanin o tanong nang hindi nagpapakilala sa Tanggapan para sa Asal sa Negosyo, maaari ninyong gawin iyon.Gayunpaman, upang protektahan ang inyong pagiging hindi kilala, mangyaring gamitin ang mga paraan ng pakikipag-ugnay na application sa Web o Post Office Box. Maaari ring gamitin ng mga empleyado ng Monsanto ang ating mga numero ng Linya ng Alerto mula sa lahat ng lokasyon ng site kung saan tayo nagnenegosyo sa buong mundo.Matatagpuan ang mga numero sa pakikipag-ugnay na ito sa ating panloob na website sa: http://www.monsanto.com/whoweare/Pages/business-conduct.aspx. Sa bawat kaso, papanatilihing kumpidensyal ang mga pangalan at pagkakakilanlan sa ganap na saklaw na posible at nang sumusunod sa mga legal na kinakailangan. Bilang karagdagan, pakitandaang mahigit na ipinagbabawal ng patakaran ng Monsanto ang pagganti laban sa mga empleyado para sa pag-uulat ng mga alalahanin na may mabuting paniniwala.

Ang Monsanto at Vine Design® ay nakarehistrong trademark ng Monsanto Technology LLC. ©2013 Kumpanya ng Monsanto.

MONSANTO